ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2020

Liahona

Pagpapahusay NG INYONG Pag-aaral NG Aklat ni Mormon

mga pahina 5, 34, 38

Maaaring Maging mas Higit pa sa "Isa Pang Bagay na Dapat Gawin" ang Ministering, pahina 8

PANGULONG BALLARD:
Ang Kapangyarihan ng Panginoon sa Paghahanda sa Mundo para sa Panunumbalik pahina 12

Mga Bata at Kabataan

Sinagot ng mga Lider ng Simbahan ang 9 na Tanong pahina 20

Pagtulong sa mga Kabataan na Matukoy at Makamit ang Kanilang mga Mithiin pahina 26

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Leipzig Germany



LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Sa Leipzig noong 1519, nakilahok si Martin Luther sa isang debate na nagpalakas sa Repormang Protestante, na nakatulong sa paghahanda sa mundo para sa Panunumbalik.

Narito ang ilang impormasyon tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Germany ngayon:

Mga Stake (isang nakasentro sa Leipzig) — 14

3 — Mga Mission

Mga Templo — 2

39,917 — Mga miyembro ng Simbahan

Mga Kongregasyon — 152

1843 Naorganisa ang unang kongregasyon sa Darmstadt.

1961 Nagkaroon ng tatlong stake.

1985 Ang Freiberg Temple ay inilaan sa noon ay dating East Germany; muling inilaan noong 2016.

2019 Ang Frankfurt Temple ay muling inilaan noong Oktubre.

Pagtitipon ng Israel sa pamamagitan ng Ministering
8



Mga Bata at Kabataan: Simulan sa Mabisang Paraan
20

Paano Inihanda ng Panginoon ang Mundo para sa Panunumbalik
Pangulong M. Russell Ballard
12

Paghikayat sa Bagong Salinlahi
Wendy Ulrich
26

Pagpaplano para sa Hinaharap, **Nabigyang-inspirasyon** ng Nakaraan

Para sa karamihan ng mga tao sa mundo, ang bagong taon ay isang panahon para pag-isipan ang hinaharap. Ngunit panahon din ito para matuto mula sa nakaraan. Habang iniisip kung saan tayo nanggaling at kung saan tayo papunta, makakahanap tayo ng mga pagkakataong umunlad.

Sa gayong pananaw, hindi lamang nagtatampok ang isyung ito ng ilang kapana-panabik na pagbabago para sa hinaharap, ngunit sinusuri rin nito ang ating nakaraan upang maunawaan ang bahagi natin sa mga kaganapang darating.

Sa taong ito, ginugunita natin ang ika-200 anibersaryo ng Unang Pangitain. Ang Unang Panguluhan at ang iba pa ay naghanda ng isang serye ng mga artikulo na sumusuri sa nakaraan at tumutulong sa atin na hubugin ang ating hinaharap. Sa buwang ito, tutulungan tayo ni Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na maunawaan ang ating bahagi sa patuloy na Panunumbalik ng kaharian ng Diyos at sa Kanyang mga gawain upang maihanda tayo para sa Ikalawang Pagparito (tingnan sa pahina 12).

Sa pagpaplano para sa hinaharap, ang isyung ito ay naglalaan din ng mga sanggunian para sa bagong inisyatibo ng Simbahan na suportahan ang mga bata at kabataan (tingnan sa mga pahina 20 at 26) at simulan ang pag-aaral ng kursong Aklat ni Mormon para sa mga indibiduwal at pamilya (tingnan sa mga pahina 34 at 38). Ang nilalaman ng artikulo namin para sa mga kabataan ay nagpapakilala ng bagong tema ng mga kabataan (tingnan sa mga pahina 56 at 60).

Umaasa kami na patuloy na magiging mahalagang materyal ang *Liahona* sa pagsuporta sa inyong pag-aaral ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan habang magkakasama tayong sumusulong, na nabigyang-inspirasyon ng pag-unlad ng nakaraan.

Adam C. Olson
Namamahalang Patnugot

Mga Nilalaman

5 **Mga Kaalaman tungkol sa Aklat ni Mormon**
Sino si Jesucristo?

6 **Mga Larawan ng Pananampalataya**
Rachel Lighthall—California, USA
Ang pananampalataya ay nakatulong sa kanya na kilalanin ang kapangyarihan ng Diyos sa gitna ng mapaminsalang sunog.

8 **Mga Alituntunin ng Ministering**
Pagtitipon ng Israel sa pamamagitan ng Ministering
Alamin kung paano umaakma ang ministering sa tagubilin ng propeta na tipunin ang Israel.

12 **Paano Inihanda ng Panginoon ang Mundo para sa Panunumbalik**
Ni Pangulong M. Russell Ballard
Maraming pagbabago sa kasaysayan na bahagi ng plano ng Panginoon.

20 **Mga Bata at Kabataan: Simulan sa Mabisang Paraan**
Sinagot ng mga lider ng Simbahan ang inyong mga tanong.

26 **Paghikayat sa Bagong Salinlahi**
Ni Wendy Ulrich
Isaalang-alang ang apat na patnubay na ito habang tinutulungan ninyo ang inyong mga anak na magtakda ng kanilang mga mithiin at abutin ang mga ito.

30 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
Natagpuan ng isang anak na babae ang kanyang imbakan ng patotoo; nagkasama-sama ang pamilya dahil sa mga binyag sa templo; nagdulot ng kapayapaan ang payo na natanggap; humantong ang isang trahedya sa isang bagong oportunidad.

34 **Magandang Magkaroon ng Kaalaman Pero Hindi Ito Sapat**
Ni Steven C. Harper
Kilalanin ang mga taong nakilala ang mga saksi ng Aklat ni Mormon.

38 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Aklat ni Mormon**
Magagamit ninyo ang mga lingguhang artikulong ito upang mas mapahusay pa ang inyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa taong ito.

Maiikling Babasahin

Sa Pabalat
Larawang kuha
Christina Smith

Mga Bahagi

Mga Young Adult

42

Ang mga pagkakamali ay bahagi ng buhay, ngunit hindi dapat ang mga ito ang magtakda kung sino tayo. **Mahal tayo ng Tagapagligtas** at tutulungan Niya tayong magbago. Basahin ang mga kuwento mula sa mga young adult tungkol sa kung paanong **ang pagsisisi ay isang pagpapala.**

Mga Kabataan

50

Alamin kung paanong **ang Mga Bata at Kabataan ay para sa iyo;** nagbahagi ang mga Young Women at Young Men General Presidency tungkol sa **tema ng mga kabataan sa taong ito;** ginamit ng isang misyonero **ang kapangyarihan ng Aklat ni Mormon.**

Mga Bata

Kaibigan

Ipagdiwang ang napakahalagang Aklat ni Mormon. Basahin ang tungkol sa mga miyembro ng Simbahan sa Mongolia. Alamin kung paano ka **lalaki katulad ni Jesus.**

MGA ARTIKULO NG ENERO NA DIGITAL LAMANG

Ginabayan ng Espiritu, Bago Ko Pa Man Ito Nalaman
Ni Raisa Schreiter

Napagtanto ng isang young adult sa Brazil na ginagabayan siya ng Espiritu para sumapi sa Simbahan.

Pagbalik sa Landas Matapos ang Aking Hindi Planadong Pagbubuntis
Ni Jori Reid

Isang young adult mula sa Delaware, USA, ang nagkuwento tungkol sa kanyang pagbabalik kay Cristo.

Pagpili sa Kawalang-hanggan
Ni Evita Alabodi

Isang young adult mula sa Belgium ang nagkuwento tungkol sa kanyang pagsisisi at pagpapatawad sa sarili.

Paano Binuksan ng Aklat ni Mormon ang Kalangitan para sa Akin
Ni Jessica Patterson Turner

Isang young adult ang nagkuwento kung paano binago ng Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo ang kanyang buhay patungo sa kabutihan.

HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app at sa liahona.ChurchofJesusChrist.org, maaari mong:

- Mahanap ang kasalukuyang isyu.
- Malaman ang nilalaman ng mga artikulong digital lamang.
- Mabasa ang mga nakaraang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at opinyon.
- Mag-subscribe para sa iyong sarili o para sa iba bilang regalo.
- Paghusayin ang pag-aaral gamit ang mga digital tool.
- Ibahagi ang iyong mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Mapakinggan ang iyong mga paboritong artikulo.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

I-email ang iyong mga tanong at feedback sa liahona@ChurchofJesusChrist.org.

Isumite ang iyong mga kuwento na nagpapalakas ng pananampalataya sa liahona.ChurchofJesusChrist.org o ipadala ang mga ito sa:
Liahona, floor 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

ENERO 2020 TOMO 23 BLG. 1
LIAHONA 16716 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: *Liahona*, Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng America.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa Liahona para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada: Janurary 2020 Vol. 23 No. 1. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



SI JESUCRISTO AY ANG . . .

BANAL NG ISRAEL

LUMIKHA

TAGAPAGLIGTAS

KORDERO NG DIYOS

ANAK NG DIYOS

Bugtong na Anak

MANUNUBOS

MESIYAS

MABUTING PASTOL

"Masdan, ang daan para sa tao ay makipot, ngunit ito'y nasa isang tuwid na daraanan sa harapan niya, at ang **BANAL NG ISRAEL** ang tanod ng pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon" (2 Nephi 9:41).

"Siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at lupa, ang **LUMIKHA** ng lahat ng bagay mula sa simula" (Mosias 3:8).

"Kung sakaling kayo ay maniniwala kay Cristo, at magpabinyag, una ay sa tubig, at pagkatapos ay sa apoy at sa Espiritu Santo, na sinusunod ang halimbawa ng ating **TAGAPAGLIGTAS,** . . . iyon ay higit na mabuti para sa inyo sa araw ng paghuhukom" (Mormon 7:10).

"Ang **KORDERO NG DIYOS** ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan; at . . . ang lahat ng tao ay kinakailangang lumapit sa kanya, o sila ay hindi maaaring maligtas" (1 Nephi 13:40).

"Dahil sa nagkatawang-tao siya, tatawagin siyang **ANAK NG DIYOS**" (Mosias 15:2).

"Ang sinumang magsisisi, at hindi patitigasin ang kanyang puso, siya ay magkakaroon ng pag-angkin sa awa sa pamamagitan ng aking **BUGTONG NA ANAK,** sa ikapagpapatawad ng kanyang mga kasalanan" (Alma 12:34).

"Alam ko na ikaw ay tinubos, dahil sa kabutihan ng iyong **MANUNUBOS;** sapagkat namamasdan mo na sa kaganapan ng panahon siya ay paparito upang magdala ng kaligtasan sa tao" (2 Nephi 2:3).

"Pinatotohanan [ni Lehi] na ang mga bagay na kanyang nakita at narinig, at gayon din ang mga bagay na kanyang nabasa sa aklat, ay maliwanag na ipinaaalam ang tungkol sa pagparito ng **MESIYAS**" (1 Nephi 1:19).

"Ang **MABUTING PASTOL** ay tumatawag sa inyo; oo, at sa kanyang sariling pangalan kayo ay tinatawag niya, na ang pangalan ay Cristo" (Alma 5:38).

DETALYE MULA SA *THE GOOD SHEPHERD (ANG MABUTING PASTOL)*, NI J. KIRK RICHARDS
DETALYE MULA SA *CHRIST'S IMAGE (IMAHE NI CRISTO)*, NI HEINRICH HOFMANN

Rachel Lighthall

California, USA

Tingnan ang mga abo at labi sa lugar kung saan dating nakatira si Rachel, at tiyak na mapapansin mo ang lahat ng natupok. Ngunit matapos ang sunog na tumupok sa Paradise, California, mapapansin mo ang pananampalataya ni Rachel habang ibinabahagi niya kung paano niya nakita ang kapangyarihan ng Diyos sa kanyang buhay.

RICHARD M. ROMNEY, LITRATISTA

Nakita ng lahat ng taong naniniwala sa Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa sunog na ito. Marahil ay hindi mo mapapatunayan sa isang tao na mayroong Diyos dahil lang sa isang malaking himala, ngunit ang Diyos ay gumawa ng napakaraming maliliit na himala dito sa Paradise. Kung naniniwala ka sa Diyos, makikita mo ang Kanyang kapangyarihan saanmang dako. Kahit mahirap ito para sa amin, nakaranas kami ng himala. Tinulungan kami ng Diyos na matutuhan ang mismong dapat naming matutuhan.

Inihanda ako ng Diyos sa loob ng maraming taon para sa sitwasyong ito. Nakaranas na ako ng iba pang "mga kalamidad" sa aking buhay na nakatulong sa akin na malaman na pinapatnubayan ng Diyos ang aking buhay.

Wala akong pinagdaang mahirap na pagsubok na walang perpekto at magandang layunin at kahulugan. Napansin ko na kapag hinahayaan ko ang Diyos na turuan ako, palagi akong natututo sa mga pagsubok na nararanasan ko. Hinahayaan ng Diyos na maranasan natin ang mga pagsubok na ito para magtiwala tayo sa Kanya at mahalin natin Siya. Alam ko na kapag nahihirapan tayo, lagi Siyang nariyan.

TUKLASIN ANG IBA PA

Tingnan ang iba pa tungkol sa kuwento ng pananampalataya ni Rachel, pati na ang mga karagdagang larawan, sa online o Gospel Library na bersyon ng artikulong ito sa **ChurchofJesusChrist.org/go/1206**.

Ikinuwento ni Pangulong Russell M. Nelson ang kanyang karanasan nang makilala niya ang lima sa mga nasunugan sa Paradise, California, at ibinahagi niya kung ano ang pinakamahalaga sa buhay sa **ChurchofJesusChrist.org/go/1207.**

Mga Alituntunin ng Ministering

PAGTITIPON NG ISRAEL SA PAMAMAGITAN NG MINISTERING

Ang ministering ay isang pagkakataon para masunod ang tagubilin ng propeta na tipunin ang Israel.

Inanyayahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na tumulong sa pagtitipon ng Israel—"ang pinakamahalagang nangyayari sa daigdig ngayon."[1]

Para sa mga taong gustong maging bahagi ng gawaing ito ng pagtitipon ng Israel, ang ministering ay isang magandang pagkakataon. Dahil ang gawain ng kaligtasan ng Panginoon ay isang malaking gawain, ang ministering ay isang inspiradong paraan upang baguhin ang buhay ng mga tao. Nagmi-minister man tayo sa mga di-gaanong aktibong miyembro ng Simbahan o inaanyayahan natin sila na tulungan tayo habang pinaglilingkuran natin ang mga taong iba ang relihiyon, ang ministering ay nagbibigay ng mga pagkakataon para matipon ang Israel.

Pagpasan ng mga Pasanin ng Isa't Isa

"Maaaring nasasaktan, nawawala, o sadya pang gumagala ang ating mga tupa; bilang kanilang pastol, maaari tayong mapabilang sa mga unang makakakita sa kanilang pangangailangan. Maaari tayong makinig at magmahal nang hindi nanghuhusga at magbigay ng pag-asa at tulong sa patnubay ng Espiritu Santo."
—Bonnie H. Cordon[2]

"Tahimik kong pinagmasdan ang babaeng nakaupo sa tabi ko sa aking 7:00 n.u. na biyahe pauwi sakay ng eroplano. Umorder siya ng alak bago lumipad ang eroplano, at nang tanungin niya ako kung may asawa na ako, tumindi ang **mga negatibong panghuhusga** ko sa kanya.

"'Oo, may apat akong anak at apat na apo,' sagot ko na may pagmamalaki.

"Pagkatapos ay may sinabi siya sa akin na nagpabago ng lahat. Pumanaw ang kanyang asawa noong isang araw pagkatapos ma-coma nang limang araw. Bagama't isa siyang emergency physician, hindi niya nailigtas ang kanyang asawa nang mawalan ito ng malay habang nagbabakasyon sila.

"Napahiya ako dahil ang agarang panghuhusga ko ay napakalayo sa katotohanan. Ano ang sasabihin ko sa kanya? "Habang nag-iisip ako, nadama ko na **ibinuhos ng Ama sa Langit ang Kanyang Espiritu** para matulungan ko ang babaeng ito at makapagbahagi ako ng ilan sa mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo.

"**Nalaman** ko na bagama't hindi siya dumadalo sa kahit anong simbahan, naniniwala siya kay Jesucristo at nagbabasa siya ng Biblia. Nang tanungin ko kung may alam siya tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sinabi niya na kaunti lang ang alam niya. Ibinahagi ko sa kanya ang isang mensahe ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) sa pangkalahatang kumperensya na may pamagat na, 'Ang mga Walang-Hanggang Pagpapala ng Kasal o Pag-aasawa,' at pagkatapos ay **nagpatotoo** ako tungkol sa mga walang-hanggang pamilya at kung gaano kakilala at kamahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin. Nalaman ko na papunta siya sa Hawaii, USA, kung saan siya lumaki, at **hinikayat** ko siya na bumisita sa Laie Hawaii Temple.

"Naghiwalay kami sa Salt Lake City, Utah, airport. Lubos akong nagpapasalamat na naging kasangkapan ako ng Panginoon, sa kabila ng aking mga pagkakamali, upang matulungan ang isang sister na nangangailangan ng pagmamahal at kapanatagan."

John Tippetts, Utah, USA

MGA ALITUNTUNING DAPAT PAG-IISIPAN

"Mga Negatibong Panghuhusga"
Ang agarang panghuhusga ay nakakahadlang sa atin na makita ang banal na potensiyal (tingnan sa Mateo 7:1).

"Ibinuhos ang Kanyang Espiritu"
Magtiwala sa pangako ng Diyos na ibibigay Niya sa atin ang dapat nating sabihin sa sandaling iyon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 100:5–6).

"Nalaman"
Itanong ang pinaniniwalaan ng iba, makinig nang may habag, at igalang ang kanilang mga paniniwala.

"Nagpatotoo"
Maghanap ng mga pagkakataong mapatotohanan kung paano kayo tinutulungan ng Panginoon sa inyong buhay (tingnan sa Mosias 24:14).

"Hinikayat"
Hikayatin sila na kumilos ayon sa katotohanan para makapagpatotoo ang Espiritu Santo sa kanila (tingnan sa Juan 7:17; Moroni 10:5).

MGA ALITUNTUNING DAPAT PAG-IISIPAN

"Bumisita sa akin buwan-buwan, kahit may allergy siya sa mga aso"
Paano ninyo maipapakita na mas pinag-mamalasakitan ninyo ang mga taong mini-minister ninyo kaysa sa iba pang mga bagay? (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:44).

"Mga katanungan"
Ang tamang pagtatanong ay naghihi-kayat ng pagsusuri sa sarili. Tandaan na ang ating pagmi-minister ay may layunin na higit pa sa pagbisita at pakikipagkuwentuhan.[4]

"Naghihintay sa akin"
Dapat madama ng lahat ang malugod na pagtanggap (tingnan sa 3 Nephi 18:32).

"Nasa tabi ko sa aking paglalak-bay pabalik"
Malaki ang maaaring maging epekto ng ating suporta sa mga taong nahi-hirapang bumalik sa Tagapagligtas at mapagaling (tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:12–13).

Pagsagip sa mga Miyembrong Nagbabalik

"Kung pagmamahal ang ating motibo, may mga himalang mang-yayari, at makahahanap tayo ng mga paraan para ibalik ang ating 'nawawalang' mga kapatid sa ebanghelyo ni Jesucristo."
—Jean B. Bingham[3]

"Halos anim na taon akong hindi aktibo nang lumipat kaming mag-asawa sa isang bagong bayan. Binisita ako ng aming bagong Relief Society president, at tinanong niya ako kung maaari siyang magpadala ng isang sister na bibisita sa akin. Kahit medyo nangangamba, pumayag ako. Ang sister na ito ay **bumisita sa akin buwan-buwan, kahit may allergy siya sa mga aso**—at mayroon akong napakalambing na aso! Nagpatuloy ang kanyang pagmi-minister nang dalawang taon, at malaki ang naging epekto nito sa akin.

"Bagama't karaniwan ay nagkukuwentuhan lang kami, paminsan-minsan ay nagbibigay siya ng **mga katanungan** na humahantong sa mga espirituwal na talakayan. Medyo nailang ako sa mga katanungang iyon, ngunit nahikayat ako ng mga ito na magpasiya kung susulong ba ako sa ebanghel-yo o mananatili sa kinalalagyan ko. Mahirap ang desisyong ito para sa akin, ngunit nagpasiya akong sumama sa mga sister missionary.

"Noong araw na dumalo ako ng sacrament meeting sa kauna-unahang pagkakataon makalipas ang anim na taon, natakot akong pumasok sa loob. Pagpasok ko sa simbahan, **naghihintay sa akin** ang ministering sister ko, at sinaba-yan niya akong maglakad sa chapel. Pagkatapos, inihatid niya ako sa aking kotse, at tinanong niya ako kung ano ang magagawa niya para matulungan akong mas mapalapit sa Tagapagligtas.

"Ang oras at pagmamahal na inilaan ng aking ministering sister ay nakatulong para maging aktibo akong muli, at pinahahalagahan ko ang kanyang pagsisikap bilang isa sa pinakamagandang regalong ibinigay sa akin. Nagpapasala-mat ako na siya ay **nasa tabi ko sa aking paglalakbay paba-lik** sa Simbahan ng Tagapagligtas."
Hindi ibinigay ang pangalan, British Columbia, Canada

Ministering at Pagtitipon

"Sa anumang paraan na tila likas at karaniwan sa inyo, ibahagi sa mga tao kung bakit mahalaga sa inyo si Jesucristo at ang Kanyang Simbahan. . . .

". . . Ang papel ninyo ay ibahagi ang nasa puso ninyo at mamuhay nang naaayon sa inyong pinaniniwalaan."
—Elder Dieter F. Uchtdorf[5]

Magkaugnay ang ministering at pagbabahagi ng ebanghelyo. Narito ang ilang mga paraan para matipon natin ang ating mga kaibigan at kapit-bahay habang nagmi-minister tayo—o magkapag-minister tayo habang tinitipon natin ang ating mga kaibigan at kapit-bahay:

- ***Maglingkod nang magkasama.*** Maghanap ng mga pagkakataon na maanyayahan ang isang kaibigan o kapit-bahay na sumama sa inyo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng isang tao. Anyayahan sila na tulungan kayong maghanda ng pagkain para sa isang bagong ina, ayusin ang hardin ng isang matandang kapit-bahay, o linisin ang bahay ng isang taong may sakit.
- ***Magturo nang magkasama.*** Maaari ninyong anyayahan ang isang kaibigan o kapit-bahay na di-gaanong aktibo sa Simbahan na hayaan ang mga misyonero na magturo ng isang missionary lesson sa kanilang tahanan para sa isang investigator, tulungan kayo sa paghahanda ng inyong tahanan kapag doon gaganapin ang pagtuturo, o samahan kayo sa bahay ng isang taong tuturuan.
- ***Tumulong.*** Bukod sa paglilingkod sa mga nakatalaga sa inyo sa ministering, maaari rin kayong tumulong sa ibang nangangailangan. Mag-alok na ihatid sila sa mga miting ng simbahan. Anyayahan ang kanilang mga anak sa mga aktibidad ng mga kabataan o ng Primary. Ano ang iba pang mga paraan na makakatulong kayo sa ministering at pagtitipon?
- ***Gamitin ang mga resource na inilaan ng Simbahan.*** Ang Simbahan ay naglaan ng maraming resource para sa mga miyembro upang matulungan sila sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Maaari ninyong tingnan ang bahagi na "Missionary" sa Gospel Library app, panoorin ang mga video na "Come and See" (sa ChurchofJesusChrist.org/go/12011), at bisitahin ang ComeUntoChrist.org para sa mga ideya kung paano titipunin ang Israel sa ating mga komunidad. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org.
2. Bonnie H. Cordon, "Pagiging Isang Pastol," *Liahona,* Nob. 2018, 76.
3. Jean B. Bingham, "Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas," *Liahona,* Mayo 2018, 106.
4. Tingnan sa "Mga Alituntunin ng Ministering: Ang Layunin na Magbabago sa Ating Ministering," *Liahona,* Ene. 2019, 8–11.
5. Dieter F. Uchtdorf, "Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo," *Liahona,* Mayo 2019, 17.

THE FORCES OF LIGHT AND DARK, NI WARREN LUCH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM
LARAWAN NG SAGRADONG KAKAHUYAN NA KUHA NI TROY CORBETT

Ni Pangulong M. Russell Ballard
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Paano *Inihanda ng Panginoon ang Mundo* para sa Anunumbalik



Sa di-mabilang na paraan, inihanda ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo upang pagpalain ang mga indibiduwal, pamilya, komunidad, bansa, at ang buong sanlibutan.

Inihanda na ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo bago pa man nagpakita ang Ama at ang Anak kay Joseph Smith noong 1820. Sa katunayan, ang paghahanda ng Panginoon para maipanumbalik ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo sa mga huling araw ay nagsimula bago pa man nilikha ang mundo.

Sa paghahayag na natanggap ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918) noong Oktubre 1918, na kilala bilang bahagi 138 ng Doktrina at mga Tipan, nalaman natin na ang mga naunang lider ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at "*iba pang mga piling espiritu* [ay] inilaang bumangon sa kaganapan ng panahon upang makiisa sa paglalatag ng saligan ng dakilang gawain ng huling araw" (Doktrina at mga Tipan 138:53; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Nakita ni Pangulong Smith "na sila rin ay kasama sa mga maharlika at dakila na pinili sa simula" (Doktrina at mga Tipan 138:55). Idinagdag pa niya na "sila, *kasama ng marami pang iba*, ay tumanggap ng kanilang mga unang aral sa daigdig ng mga espiritu at inihanda upang bumangon sa takdang panahon ng Panginoon upang gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao" (Doktrina at mga Tipan 138:56; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kasunod ng paglikha ng mundo, ang mga sinaunang "propeta buhat pa nang una" ay nagsalita, kumanta, nanaginip, at nagpropesiya tungkol sa "pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay" sa hinaharap (Mga Gawa 3:21; tingnan din sa Lucas 1:67–75).

Isa sa pinakamahalagang paraan na inihanda ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik ay ang pagbabago sa manuskrito na sumabay sa imbensyon at paggamit ng papirus at pergamino. Ibaba: Papirus na pahina ng pinakalumang manuskrito ng Bagong Tipan na mayroon tayo.

Partikular na sinabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77) tungkol sa unang propeta ng Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo, "Binantayan . . . ng Panginoon [si Joseph Smith], at ang kanyang ama, at ang ama ng kanyang ama, at ang kanyang mga ninuno mula kay Abraham, at mula kay Abraham hanggang sa baha, mula sa baha hanggang kay Enoc, at mula kay Enoc hanggang kay Adan. Binantayan niya ang mag-anak na yaon at ang dugong nananalaytay mula sa pinagmulan niyon hanggang sa pagsilang ng taong iyon. [Si Joseph Smith] ang inordenan noon pa sa kawalang-hanggan upang mamuno sa [huling dispensasyong] ito."[1]

Sa pagdiriwang natin ng ika-200 anibersaryo ng Unang Pangitain sa taong ito, makabubuting alalahanin natin ang napakaraming kababaihan at kalalakihan sa mga nagdaang siglo na nabigyang-inspirasyon ng Panginoon habang inihahanda Niya ang mundo para sa Panunumbalik na nagsimula nang magpakita ang Ama at ang Anak sa batang si Joseph Smith, na humingi ng kapatawaran at patnubay noong 1820.

Kapag ginunita natin ang kasaysayan, matutuklasan natin na maraming pagbabagong nakaapekto sa mundo na naghanda sa mga tao para sa panunumbalik ng Simbahan ng Panginoon sa mga huling araw.[2]

Ang Pagbabago sa Manuskrito

Isa sa pinakamahalagang paraan na inihanda ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo ay ang pagbabago sa manuskrito na nagsimula sa imbensyon at paggamit ng papirus at pergamino.[3]

Ang pergamino o parchment, na gawa sa balat ng hayop, ay ginamit noong sinaunang panahon at noong mga unang taon ng makabagong panahon para pagsulatan.[4] Ang mga pinakaunang kilalang kopya ng Biblia ng Hebreo (Lumang Tipan) at mahahalagang kopya ng Biblia kalaunan ay nakasulat sa pergamino.[5]

Ang papirus o papyrus, na gawa sa ubod ng halamang papirus, ay isa pang materyal na ginamit noong sinaunang panahon para pagsulatan. Ang mga pinakaunang kopya ng mga aklat ng Bagong Tipan ay isinulat sa papirus.

Mas madali para sa mga tagasulat na gamitin ang mga materyal na ito, kumpara sa pagsusulat sa mga tapyas ng bato, para maitala ang mga salita ng Diyos na natanggap ng mga inspiradong propeta at apostol. Gamit ang mga materyal na ito sa pagsulat, maraming di-kilalang tagasulat ang masigasig na kumopya, nagsalin, at nag-ingat ng maraming kopya ng mga sagradong tala upang hindi kailanman maglaho ang alab ng pananampalataya.

Halimbawa, nalaman ko kamakailan na "mayroong mahigit isang daang manuskrito ng Ebanghelyo ayon kay Mateo na nakasulat sa wikang Griyego," kasama ng iba pang mga manuskrito ng Biblia na isinulat sa pergamino noong Gitnang Kapanahunan.[6]

Ang Pagbabago sa Paglilimbag

Tulad ng madalas kong ituro, binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang isa pang napakahalagang hakbang sa paghahanda sa mundo para sa Panunumbalik ng Kanyang nagliligtas na ebanghelyo nang iangkop ni Johannes Gutenberg, isang panday na Aleman, ang mga teknolohiya sa paglilimbag na unang ipinakilala sa Tsina para magawa ang palimbagan noong 1439 o 1440.[7]

Si Gutenberg ay naging kasangkapan ng Panginoon para magpalaganap ng kaalaman,

INUKIT SA KAHOY NA IMAHE NI PABLO NA IDINIDIKTA KAY TERCIO ANG SULAT PARA SA MGA TAGA-ROMA. MULA SA GETTY IMAGES



Si Johannes Gutenberg ay naging kasangkapan ng Panginoon para magpalaganap ng kaalaman, pag-unawa, at pananampalataya sa mundo. Dulong kanan: Inukit na pahina ng Bibliyang Gutenberg.

pag-unawa, at pananampalataya sa mundo.[8] Ang kanyang imbensyon ay nagpasimula ng pagbabago sa paglilimbag na malaki ang naging epekto sa mundo dahil sa mabilis na paglaganap ng mga ideya at impormasyon na naging "mga instrumento ng pagbabago."[9]

Ayon sa mga iskolar, tinatayang mayroon lamang humigit-kumulang 30,000 aklat sa Europa noong panahong inilimbag ni Gutenberg ang Biblia sa kanyang palimbagan. Sa loob ng 50 taon matapos ang kanyang imbensyon, mayroon ng mahigit 12 milyong aklat sa Europa.

Ginamit ng Repormang Protestante ang imbensyon ni Gutenberg upang ipalaganap ang mga ideya nito at madala ang Biblia sa mga karaniwang tao sa mga paraang hindi inakala ng sinuman sa naunang henerasyon.

Ang Pagkatutong Bumasa at Sumulat at ang Pagsasalin ng Biblia

Ang pagbabago sa paglilimbag ay lalo pang nag-ibayo sa pagdami ng mga taong natutong bumasa at sumulat at sa pagtindi ng hangarin ng mga karaniwang tao sa Europa na mabasa ang mga sagradong salita ng mga banal na kasulatan sa kanilang mga sariling wika.

Ang Latin na Biblia, na isinalin mula sa Griyego at Hebreo noong ikalimang siglo AD, ang naging opisyal na Biblia ng simbahang Katolika Romana sa loob ng 1,000 taon.[10] Sa loob ng maraming siglo, natuto lamang ang mga taga-Europa tungkol sa Biblia sa pamamagitan ng mga sermon ng mga pari.

Ngunit sa ika-15 at ika-16 na siglo, ang mga relihiyosong repormador ay gumawa ng mga bagong salin ng Biblia sa mga karaniwang wika sa Europa, tulad ng Aleman, Italyano, Ingles, Espanyol, at Pranses. Ang mga pagsasaling ito ay karaniwang batay sa mga orihinal na teksto ng Hebreo at Griyego—hindi sa Latin na Biblia. Nakatulong ang mga ito sa libulibong tao na mabasa ang mga kuwento at mga turo sa Biblia sa kanilang mga sariling wika.

Si Martin Luther, na isinilang noong 1483, ay isa sa mga nagpasimuno sa paglalathala ng Biblia sa wikang ginagamit noong kanyang panahon. Ang kanyang salin sa wikang Aleman ay nailathala noong 1534—isang napakahalagang taon sa kasaysayan ng Kristiyanismong kanluranin.[11] Ang paniniwala ni Luther sa kapangyarihan ng mga banal na kasulatan ay nakatulong na palakasin ang Reporma. Isinulong ng iba pang mga

PAGLALARAWAN NG PALIMBAGAN NOONG IKA-16 NA SIGLO, MULA SA GETTY IMAGES
PAHINA NG BIBLIA MULA SA GETTY IMAGES

repormador ang pag-aaral upang magkaroon ang lahat ng pagkakataon na mabasa mismo ang mga banal na kasulatan.

Nangamba ang ilang pinuno ng relihiyon na baka humantong ang malawakang pagbabasa ng Biblia sa maling pananampalataya, paghina ng awtoridad ng simbahan, at kaguluhan sa bansa. Tinugunan nila ito sa pamamagitan ng pagpapabilanggo, pagpapahirap, at maging pagpapapatay sa mga taong natuklasang nagsasalin ng Biblia sa karaniwang wika ng panahong iyon o nagmamay-ari ng mga banal na kasulatan na isinalin sa karaniwang wika.

Si William Tyndale, na isinilang noong mga 1494, ay nagsimula sa kanyang gawain noong isinasalin ni Martin Luther ang Biblia sa wikang Aleman.[12] Kahit noong bata pa, naisip na ni Tyndale na gumawa ng isang bago at mas mahusay na bersyon ng Biblia sa wikang Ingles batay sa mga orihinal na wika ng Hebreo at Griyego.

Noong mga 1523, humingi siya ng tulong at suporta mula sa Katolikong obispo ng London upang magawa ang bersyong iyon ngunit tinanggihan siya nito. Dahil ipinagbawal ng kapulungan ng Oxford ang pagsasalin ng Biblia noong 1408, kinailangan ni Tyndale ng opisyal na pahintulot para maipagpatuloy ang pagsasalin nang walang hadlang.

Determinadong isalin ang Biblia sa wikang Ingles, palihim na sinimulan ni Tyndale ang kanyang gawain at natapos niya ang pagsasalin ng Bagong Tipan noong 1525. Ang salin ni Tyndale ay inilimbag sa Cologne, Germany at ipinuslit sa England, kung saan ito ipinagbili noong mga unang buwan ng 1526.

Sa huli, si Tyndale, gaya ng iba pang mga kalalakihan at kababaihan na ipinapatay dahil sa pagnanais nilang mabasa ng mga karaniwang tao ang mga banal na kasulatan sa kanilang mga sariling wika, ay ibinigti sa tulos noong mga unang araw ng Oktubre 1536.[13] Gayunpaman, nanatili ang kanyang salin sa wikang Ingles dahil ang kanyang mga salita at parirala at ang ilang bahagi ng kanyang salin ay isinama sa King James Version.[14]

PAGLALARAWAN NG PAGPASLANG KAY WILLIAM TYNDALE, MULA SA GETTY IMAGES
LARAWAN NG LALAKI NA NAGBABASA NG MGA BANAL NA KASULATAN, KUHA NI DAVID WINTERS


THE GENERALL
Epistle of Iames.
CHAP. I.
reioyce vnder the Crosse, 5 To
nience of God: 13 And in our tri-
to impute our weakenesse, or sinnes
vnto him, 19 but rather to hearken to the
word, to meditate in it, and to doe thereaf-
ter. 26 Otherwise men may seeme, but
neuer be truely religious.
IAmes a seruant of God, and of the Lord Iesus Christ, to the twelue tribes which are scattered abroad greeting.
2 My brethren, count it all ioy when yee fall into diuers temptations,
3 Knowing this, that the trying of your faith worketh patience,
4 But let patience haue her perfect worke, that yee may be perfect, and entire, wanting nothing.
5 If any of you lacke wisedome, let him aske of God, that giueth to all men liberally, and vpbraydeth not: and it shall be giuen him.
6 But let him aske in faith, nothing wauering: for he that wauereth is like a waue of the sea, driuen with the
11 For the Sunne is no sooner risen with a burning heat, but it withereth the grasse, and the floure thereof falleth, and the grace of the fashion of it perisheth: so also shall the rich man fade away in his wayes.
12 Blessed is the man that endureth temptation: for when he is tryed, hee shall receiue the crowne of life, which the Lord hath promised to them that loue him.
13 Let no man say when he is tempted, I am tempted of God: for God cannot be tempted with ‖euill, neither tempteth he any man. ‖Or, euils.
14 But euery man is tempted, when hee is drawen away of his owne lust, and enticed.
15 Then when lust hath conceiued, it bringeth forth sinne: and sinne, when it is finished, bringeth forth death.
16 Doe not erre, my beloued brethren.
17 Euery good gift, and euery perfect gift is from aboue, and commeth downe from the Father of lights, with whom is no variablenesse, neither shadow of turning.
18 Of his owne will begate hee vs, with the word of truth, that wee should be a kind of first fruits of his creatures.

Sa huli, si William Tyndale, gaya ng iba pang mga kalalakihan at kababaihan na nagnais na mabasa ng mga karaniwang tao ang mga banal na kasulatan sa kanilang mga sariling wika, ay ipinapatay para sa layunin ni Jesucristo. Kanan: Pahina mula sa orihinal na King James Bible.

PAGLALARAWAN NG PULONG NG MGA METODISTA (1873), MULA SA GETTY IMAGES



Nang ibangon ng Panginoon ang Kanyang Propeta, binigyang-inspirasyon Niya ang mga kalalakihan at kababaihan na mag-imbento ng mga teknolohiya upang maipalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo.

Ang King James Version, na inilathala noong 1611, ay opisyal na ginamit ng Simbahan ng Inglatera at kalaunan ay nakaimpluwensya sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ilang mahahalagang paraan.[15] Ito ang pinakagamit na Ingles na Biblia nang isilang si Joseph Smith noong 1805. Noong panahong iyon, halos lahat ng pamilya, pati na ang pamilya nina Joseph at Lucy Mack Smith, ay mayroong Biblia at binabasa ito palagi. Sa katunayan, maraming tao ang natutong magbasa sa pamamagitan ng pakikinig habang binabasa ito sa tahanan at personal na pag-aaral.

Ang mga Pagbabago sa Pulitika at Komunikasyon

Ang mga naganap na pagbabago sa paglilimbag at pagsasalin at ang pagkatutong bumasa at sumulat ay nagbigay-daan para sa mga pagbabago sa pulitika at teknolohiya na lumaganap sa iba't ibang dako ng Europa at Amerika sa pagitan ng ika-17 at ika-19 na siglo. Ang pagbabago sa pulitika sa Europa at Amerika ay nagbigay sa mga tao ng higit na kalayaang pumili ng kanilang relihiyon. Ang kalayaang pangrelihiyon ay isa sa mga naging bunga ng mga pagbabago sa pulitika na naganap noong panahong ito.

Sinimulan din ng Panginoon na "[ibuhos] ang [Kanyang] Espiritu sa lahat ng laman" (tingnan sa Joel 2:28; Joseph Smith—Kasaysayan 1:41), pati na sa mga taong handang umisip ng mga bagong teknolohiya sa transportasyon at komunikasyon na magsusulong sa Kanyang Panunumbalik sa mga kamangha-manghang paraan.

Nang ibangon ng Panginoon ang Kanyang Propeta, binigyang-inspirasyon Niya ang mga kalalakihan at kababaihan na mag-imbento ng mga teknolohiya, tulad ng mga daanan, telegrapo, riles ng tren, at mga makinang pinaandar ng singaw, upang maipalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo.

Sa di-mabilang na iba pang mga paraan, inihanda ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo upang pagpalain ang mga indibiduwal, pamilya, komunidad, bansa, at ang buong sanlibutan.

Paggabay sa Pamilya Smith

Habang pinag-iisipan natin kung paano inihanda ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik, dapat nating tandaan na ginawa Niya ang karamihan sa mga ito sa pamamagitan ng buhay ng mga indibiduwal—mga ordinaryong kalalakihan at kababaihan na nakagawa ng mga pambihirang bagay sa ilang pagkakataon.

Naging handa ang mga indibiduwal at pamilya sa mga bansa sa iba't ibang dako ng mundo na tanggapin ang mensahe ng Panunumbalik. Kabilang dito ang mga magulang ng Propeta na sina Joseph at Lucy Mack Smith, dalawang tao na napaka-espirituwal at lumaki sa isang kultura na nagturo sa kanila na mahalin si Jesucristo at pag-aralan ang Biblia.

Sa loob ng maraming taon, nakaranas sina Joseph at Lucy ng maraming problema sa pinansyal, kalusugan, at iba pa sa New England na matatagpuan sa hilagang silangang bahagi ng Estados Unidos. Noong 1816, nang masira ang kanilang mga pananim dahil sa pagbabago ng klima sa buong mundo dulot ng pagputok ng Bulkang Tambora sa Indonesia, wala nang nagawa sina Joseph at Lucy kundi lisanin ang New England at magpasiyang lumayo sa kanilang pamilya, mga kaibigan, at komunidad.

Tulad sa nakasaad sa tomo 1 ng bagong aklat tungkol sa kasaysayan ng Simbahan: "Mahal ni Joseph Sr. ang kanyang asawa at mga anak, ngunit hindi niya nagawang bigyan sila ng katatagan sa buhay. Ang kamalasan at hindi naging matagumpay na pamumuhunan ang naging dahilan kaya nanatiling maralita at walang permanenteng tirahan ang pamilya. Marahil ay iba ang magiging kapalaran nila sa New York."[16]

Sa maraming paraan, ang pagkabigo ng pamilya Smith sa New England ay nagtulak sa kanila sa kanlurang New York, kung saan ang

kaguluhan tungkol sa relihiyon ay lalong tumindi at naghikayat kay Joseph Smith Jr. na humingi sa Panginoon ng kapatawaran at patnubay. Doon din nakalagak at nakatago ang mga laminang ginto, naghihintay na mahanap, maisalin, at mailathala niya ang mga ito.





Magagawa tayong palakasin ng Panginoon, turuan ng mga bagong aral, at ihanda sa pamamagitan ng mga pagkabigo at problema para sa hinaharap na higit pa sa inaasahan natin.

Pagkilala sa Kapangyarihan ng Panginoon sa Ating Buhay

Tulad ng ginawa ng Panginoon sa pagkabigo ng pamilya Smith, magagawa Niya rin tayong palakasin, turuan ng mga bagong aral, at ihanda sa pamamagitan ng mga pagkabigo at problema para sa hinaharap na higit pa sa inaasahan natin.

Habang pinag-iisipan natin kung paano naipakita ang kapangyarihan ng Panginoon sa buhay ng pamilya Smith, kailangang matanto natin na nakikita rin ang Kanyang kapangyarihan sa buhay ng bawat isa sa atin. Upang makita ang kapangyarihan ng Panginoon sa ating buhay, kinakailangang madali tayong makahiwatig sa mga bagay na espirituwal at, sa maraming pagkakataon, kinakailangan din ng panahon at pag-unawa. Sa kabutihang-palad, maaari tayong matulungan ng mga patriarchal blessing, personal journal, at personal na kasaysayan ng buhay na makita ang kapangyarihan ng Panginoon sa ating buhay.

Sa paghahayag na ibinigay noong 1831, nagbabala ang Panginoon sa buong sanlibutan, "At walang bagay na magagawa ang tao na makasasakit sa Diyos, o wala sa kaninuman ang pagaalab ng kanyang poot, maliban sa yaong mga hindi kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay, at hindi sumusunod sa kanyang mga kautusan" (Doktrina at mga Tipan 59:21).

Ang kahandaan nating sundin ang mga kautusan ng Panginoong Jesucristo, lalo na ang dalawang dakilang utos na ibigin ang Diyos at ang ating kapwa gaya ng ating sarili, ay madaragdagan kapag hinanap at kinilala natin ang kapangyarihan ng Panginoon sa ating buhay at sa paghahanda sa mundo para sa Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo. Ito ay "isang kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain" (2 Nephi 25:17).

Inihahanda na ngayon ng Panginoon ang mundo para sa Kanyang Ikalawang Pagparito, tulad ng paghahanda Niya noon sa mundo para sa Panunumbalik ng Kanyang walang-hanggang ebanghelyo. Muli, nakikita ang Kanyang kapangyarihan hindi lamang sa mga pangyayari na bumabago sa kasaysayan kundi maging sa buhay din ng mga indibiduwal.

Nang pumunta si Joseph Smith sa kakahuyan na tinatawag natin ngayon na sagrado, naghangad siya ng kapatawaran at patnubay sa kanyang buhay.[17] Kung tutuusin, sinunod niya ang paanyaya ng Panginoon na nakatala sa Ebanghelyo ayon kay Mateo:

LARAWAN NG INA AT ANAK NA KUHA NI JIM LILLYWHITE



THE

BOOK OF MORMON:

AN ACCOUNT WRITTEN BY THE HAND OF MORMON, UPON PLATES TAKEN FROM THE PLATES OF NEPHI.

Wherefore it is an abridgment of the Record of the People of Nephi; and also of the Lamanites; written to the Lamanites, which are a remnant of the House of Israel; and also to Jew and Gentile; written by way of commandment, and also by the spirit of Prophecy and of Revelation. Written, and sealed up, and hid up unto the Lord, that they might not be destroyed; to come forth by the gift and power of God unto the interpretation thereof; sealed by the hand of Moroni, and hid up unto the Lord, to come forth in due time by the way of Gentile; the interpretation thereof by the gift of God. An abridgment taken from the Book of Ether.

Also, which is a Record of the People of Jared, which were scattered at the time the Lord confounded the language of the people when they were building a tower to get to Heaven: which is to show unto the remnant of the House of Israel how great things the Lord hath done for their fathers; and that they may know the covenants of the Lord, that they are not cast off forever; and also to the convincing of the Jew and Gentile that Jesus is the CHRIST, the ETERNAL GOD, manifesting HIMSELF unto all nations. And now if there be fault, it be the mistake of men; wherefore condemn not the things of God, that ye may be found spotless at the judgment seat of CHRIST.

BY JOSEPH SMITH, JUNIOR,
AUTHOR AND PROPRIETOR.

PALMYRA:
PRINTED BY E. B. GRANDIN, FOR THE AUTHOR.
1830.

Inihahanda na ngayon ng Panginoon ang mundo para sa Kanyang Ikalawang Pagparito, tulad ng paghahanda Niya noon sa mundo para sa Panunumbalik ng Kanyang walang-hanggang ebanghelyo. Kaliwa: Pahina ng pamagat ng 1830 na bersyon ng Aklat ni Mormon.

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).

Pinatototohanan ko na sa simula pa lamang, inihanda na ng kapangyarihan ng Panginoon ang mundo para sa Panunumbalik ng "tunay, dalisay, at simpleng ebanghelyo" ni Jesucristo, ang "nagliligtas na mga doktrina ni Cristo" na maaaring matamasa ng lahat ng anak ng Diyos.[18] Pinatototohanan ko rin na makikita ang kapangyarihan ng Panginoon sa buhay ng bawat isa sa atin na nag-aanyaya sa atin na sundin Siya, paglingkuran ang iba, at mahalin Siya habang inihahanda Niya ang mundo para sa Kanyang maluwalhating Ikalawang Pagparito. ■

LARAWAN NG PAMILYA NA KUHA NI WENDY GIBBS KEELER

MGA TALA

1. Brigham Young, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 635; tingnan din sa Brigham Young, "Remarks," *Deseret News,* Okt. 26, 1859, 266.
2. Ang pagsulong sa transportasyon, komunikasyon, pag-iinhinyero, at medisina ay mahahalagang bahagi ng paghahanda ng Panginoon para sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo at Simbahan.
3. Tingnan sa L. D. Reynolds at N. G. Wilson, *Scribes and Scholars: A Guide to the Transmission of Greek and Latin Literature,* Ikaapat na ed. (2013).
4. Halimbawa, ang U. S. Declaration of Independence [Pagpapahayag ng Kalayaan ng Estados Unidos], mga opisyal na Batas ng Parlamento ng Britanya, mga balumbon ng Torah na ginamit sa mga sinagoga ng mga Judio, at mga diploma mula sa ilang unibersidad.
5. Tingnan sa Timothy H. Lim at John J. Collins, *The Oxford Handbook of the Dead Sea Scrolls* (2010) at sa Bruce M. Metzger and Bart D. Ehrman, *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption, and Restoration,* Ikaapat na ed. (2005).
6. Thomas A. Wayment, *The New Testament: A Translation for Latter-day Saints, A Study Bible* (2019), 2.
7. Tingnan sa Diana Childress, *Johannes Gutenberg and the Printing Press* (2008).
8. Tingnan, halimbawa, sa M. Russell Ballard, "Ang Himala ng Banal na Biblia," *Liahona,* Mayo 2007, 80–82.
9. Tingnan sa Elizabeth L. Eisenstein, *The Printing Press as an Agent of Change* (1980), 703.
10. Tingnan sa James Carleton Paget at Joachim Schaper, mga pat., *The New Cambridge History of the Bible, Vol. 1, From the Beginnings to 600* (2013); tingnan din sa tomo 2–4.
11. Ang pagsasalin na ito sa wikang Latin noong ikaapat na siglo ang naging opisyal na bersyon ng simbahang Katoliko; tingnan sa Richard Marius, *Martin Luther: The Christian between God and Death* (1999).
12. Tingnan sa David Daniell, *William Tyndale: A Biography* (1994).
13. Ang bangkay ni Tyndale ay sinunog sa tulos na pinagtalian sa kanya.
14. Ang salin sa Ingles ni William Tyndale, bagama't hindi kinilala, ay naitala sa 1611 King James Version ng Biblia.
15. Tingnan sa David Norton, *The King James Bible: A Short History from Tyndale to Today* (2011).
16. Tingnan sa *Mga Banal, Tomo 1: Ang Pamantayan ng Katotohanan, 1815–1846: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw* (2018), 6–7.
17. Tingnan sa "First Vision Accounts," Gospel Topics, topics.ChurchofJesusChrist.org.
18. Tingnan sa Joseph F. Smith, sa M. Russell Ballard, "Ang Tunay, Dalisay, at Simpleng Ebanghelyo ni Jesucristo," *Liahona,* Mayo 2019, 29.



MGA BATA AT KABATAAN:
Simulan sa Mabisang Paraan

Ibinahagi ng mga lider ng Simbahan kung paano matutulungan ng mga magulang at ng mga ward ang mga bata na maging katulad ng Tagapagligtas.

Bonnie H. Cordon
Young Women
General President

Stephen W. Owen
Young Men
General President

Joy D. Jones
Primary General
President

Nasasabik man kayo o medyo nag-aalala tungkol sa bagong inisyatibo ng Simbahan—Mga Bata at Kabataan—marahil mayroon kayong ilang mga katanungan: "Paano ito makakatulong sa mga anak ko?" "Paano namin ito isasagawa?" "Ano ang papel ko rito?"

Ang mga lider ng Simbahan ay nagbigay ng ilang mga kasagutan.

Bakit nagsasagawa ng ganitong pagbabago ang Simbahan?

Sister Bonnie H. Cordon: Tulad ng itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, kinakailangang dagdagan nating lahat ang ating kakayahan na tumanggap ng paghahayag.[1] Ang Mga Bata at Kabataan ay nilayon upang anyayahan ang mga indibiduwal at pamilya na maghangad ng inspirasyon mula sa Espiritu tungkol sa kung paano umunlad at magkaroon ng kagalakan sa landas ng tipan. Ito ay magandang halimbawa ng ninanais ng propeta para sa bawat isa sa atin.

Brother Stephen W. Owen: Itinuro rin sa atin ni Pangulong Nelson na tayo ay isang Simbahang nakasentro sa tahanan, anuman ang hitsura ng ating tahanan.[2] Hindi tayo isang Simbahang nakasentro sa programa. Matutulungan ng mga lider at guro ng Simbahan ang ating mga anak na matutuhan at ipamuhay ang doktrina, ngunit ang responsibilidad na iyon ay nagsisimula sa tahanan, at ito ay isang pang-araw-araw na responsibilidad.

Tulad ng itinuro ng propeta, kailangang maghangad tayo ng paghahayag at sundin natin ang Espiritu, at matutulungan tayo ng Mga Bata at Kabataan na gawin iyon—dahil mas simple ito. Noon, napakaraming ipinagagawa sa mga magulang para masubaybayan at maunawaan nila ang tungkol sa Pansariling Pag-unlad, Tungkulin sa Diyos, Pananampalataya sa Diyos, at iba pang mga programa ng Simbahan habang nagdadalaga at nagbibinata ang kanilang mga anak. Ang bagong inisyatibong

ito ay nag-aanyaya sa mga kabataan at mga bata na maghangad ng inspirasyon sa pagtatakda ng mga mithiin ayon sa kanilang mga pangangailangan at interes.

Sister Joy D. Jones: Magandang pagkakataon ito para sa mga bata at kabataan, ang bagong salinlahi, na palakasin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Kapag natutuhan nilang hangarin at sundin ang patnubay ng Espiritu Santo, mas mauunawaan nila ang kanilang walang hanggang identidad at layunin at kung paano sila uunlad at kung paano nila madarama ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa kanila. Ang inisyatibong Mga Bata at Kabataan ay magpapala at magpapalakas sa ating kabataan at sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagtatatag at pagpapatibay ng ugnayan sa tahanan, sa simbahan, at sa kanilang Ama sa Langit.

Ano ang mga unang hakbang na maaaring gawin ng mga pamilya para masimulan ang pagsasagawa ng Mga Bata at Kabataan?

Sister Jones: Sama-samang manalangin para sa patnubay ng Espiritu. Maaaring magsimula ang mga magulang sa pamamagitan ng pagtalakay sa kanilang pamilya ng tatlong aspeto ng pagsasagawa sa Mga Bata at mga Kabataan: pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod at mga aktibidad, at personal na pag-unlad. Ano ang kasalukuyan nilang ginagawa? Paano sila uunlad bilang mga indibiduwal at bilang pamilya sa tatlong aspetong ito? Paano makakatulong ang pagtutuon sa Lucas 2:52 na magabayan sila sa kanilang mga plano at pagtatakda ng mithiin para maalala at masunod ang Tagapagligtas? Magandang pagkakataon ito upang mapalakas ang mga kabataan, tahanan, at pamilya sa simple, palagian, at makabuluhang paraan.

Sister Cordon: Magsimula tayo nang paunti-unti. Ang paglakad sa landas ng tipan ay talagang paisa-isang hakbang lamang. Magtakda ng isang mithiin. Magsimula nang simple. Ang mga gabay na aklat para sa mga kabataan at mga bata ay magbibigay sa atin ng magandang huwarang susundin.

Brother Owen: Huwag natin itong gawing kumplikado. Napakasimple nito. Basahin ang Lucas 2:52. Magsimula doon. Pagkatapos, maaaring maglaan ng oras ang mga magulang sa

DETALYE MULA SA *BESIDE STILL WATERS* [SA SIPING NG MGA TUBIG NA PAHINGAHAN], NI SIMON DEWEY

kanilang anak para mapag-usapan ito. "Paano ka namin matutulungan na lumaki sa karunungan at sa pangangatawan at sa pagbibigay-lugod sa Diyos at sa mga tao?" "Ano ang matututuhan o magagawa natin nang magkasama?" "Anong mga mithiin ang maitatakda mo?" Gawin lang itong simple.

Kung may isang bagay na gusto ninyong malaman ng mga bata at kabataan kapag sinimulang isagawa ito, ano iyon?

Sister Cordon: Isa itong kamangha-manghang pagkakataon na lumaki katulad ng Tagapagligtas! Kung iniisip natin, "Ano ang pagtutuunan ko?" alalahanin natin na marami na tayong ginagawa para maging katulad Niya. Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay nagaganap sa maraming tahanan at sa simbahan. Tayo ay naglilingkod at nakikibahagi sa mga aktibidad. Ang bagong inisyatibong ito ay paraan lamang para magtuon tayo sa mga bagay na natututuhan natin nang may layunin at managot tayo sa ating mga ginagawa ayon sa mga natutuhan natin—at ituon natin ang pag-unlad na iyon sa apat na aspeto kung saan umunlad ang Tagapagligtas: espirituwal, pakikisalamuha, pisikal, at intelektuwal (tingnan sa Lucas 2:52). Magkakahatid ito ng kagalakan, kapayapaan, at walang hanggang kaligayahan sa ating lahat habang sinusunod natin ang Tagapagligtas!

Sister Jones: Ang pag-unlad ay nakatuon sa Tagapagligtas, nakasentro sa pamilya, at sinusuportahan ng Simbahan. Ito ay mas simple at personal kaysa sa mga programa natin noon na hindi na natin gagamitin. Ang pag-unlad ay mangyayari sa bawat indibiduwal. Nawa'y maunawaan ng mga bata, kabataan, lider, at ng kanilang mga pamilya na kaya itong gawin at maaari itong iangkop sa anumang kalagayan upang ang lahat ng anak ng Ama sa Langit sa buong mundo ay magkakasamang umunlad at makaranas ng walang hanggang kagalakan sa landas ng tipan. Hindi ito malaking pagbabago o mahirap matutuhan. Ito ay paggawa ng higit pa sa ginawa na natin, habang ginagabayan tayo ng Espiritu, nang sa gayon ay mapalawak ng ating tapat na pagsisikap ang ating kakayahan na sundin nang buong pagmamahal at husay ang Tagapagligtas.

Bakit mahalaga para sa mga kabataan at mga bata na lumaking katulad ng Tagapagligtas?

Sister Jones: Una at pinakamahalaga sa lahat, nakipagtipan sila na palagi Siyang susundin. Nakipagtipan sila na "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9). Kaya't kailangan nilang lumaki katulad Niya: sa espirituwal, pakikisalamuha, pisikal, intelektuwal. Ang kanilang mga tipan ay hindi lamang *dahilan* kung bakit dapat nila itong gawin, nagbibigay rin ang mga ito ng *kakayahan* na tutulong sa kanila na maisakatuparan ang kanilang mga mithiin.

Brother Owen: Ang pinakalayunin natin sa buhay ay sumunod at maging katulad ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Gusto nating maging katulad Nila. Sinisimulan na natin itong gawin sa murang edad, para mayroon na tayong huwaran sa buong buhay natin. At talagang sinusunod natin ang Tagapagligtas kapag ginagawa natin ang mga bagay na ginawa Niya.

Sister Cordon: Ang Tagapagligtas ang huwaran natin sa lahat ng bagay. Pinag-aaralan natin ang Kanyang buhay at misyon at mga turo dahil nais nating maging katulad Niya. Ngunit dahil magkakaiba tayo, bawat isa sa atin ay mayroong mga katangian at kakayahan na kinakailangan nating pagbutihin upang maging katulad Niya. Ang bagong inisyatibong ito ay nagbibigay sa mga bata at kabataan ng pagkakataon na maaari nilang iangkop sa kanilang sarili para umunlad sa mga natatanging paraang iyon, paghusayin ang kanilang mga talento, at tukuyin ang mga bagay na iyon na nahihikayat silang gawin upang maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Iyon ang dahilan kung bakit napakapersonal nito. Walang nakatakdang listahan ng gagawin dito. Ang mga mithiing itatakda ng bawat isa sa atin upang sumulong sa landas ng tipan ay magiging iba-iba, ngunit sama-sama tayong matututo at uunlad at mapapalapit sa ating Tagapagligtas.

Ano ang inaasahan ninyong madarama ng mga bata at kabataan kapag nakibahagi sila?

Sister Cordon: Umaasa ako na magkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang walang hanggang identidad at madarama nilang kabilang sila. Kapag kilala natin kung sino tayo at kung kanino tayo nakipagtipan, iba ang ikikilos natin. Matututuhan nilang mahiwatigan na ang sinasabi ng ilan sa social media ay hindi totoo, dahil naranasan na nila kung paano mangusap sa kanila ang Espiritu. Magkakaroon sila ng kumpiyansa sa kanilang sarili at sa kanilang banal na potensiyal bilang mga anak na babae at lalaki ng Diyos.

Sister Jones: Gusto naming magkaroon sila ng pananampalataya at pag-asa kay Jesucristo, madama nila ang kapayapaan na dulot ng pagsunod sa mga kautusan, maranasan nila na magkaroon ng masayang samahan, matuto silang maging matatag, at madama nila ang kagalakang hatid ng paglilingkod sa kapwa at ang kaligayahan at kasiyahan ng pakikibahagi sa gawain ng kaligtasan.

Brother Owen: Umaasa ako na mauunawaan ng mga bata ang ebanghelyo upang magkaroon sila ng hangaring ipagpatuloy ang pakikibahagi sa inisyatibong ito. Hindi ito tungkol sa

pagtapos ng mga gawain. Ito ay isang proseso ng pag-aaral at pagiging katulad ng Tagapagligtas. Nawa'y magkaroon ng kumpiyansa sa kanilang pagkaunawa sa ebanghelyo ang ating mga anak at ang mga taong pinaglilingkuran natin para maituro nila ito sa iba. Halimbawa, kapag tinanong natin ang ating mga anak tungkol sa ebanghelyo, nawa'y makarinig tayo ng malalim na sagot dahil natutuhan nila ito at bahagi ito ng kanilang pagkatao.

Paano malalaman ng mga magulang kung ang Mga Bata at Kabataan ay nagtagumpay sa kanilang tahanan?

Brother Owen: Hahanapin ko ang mga bunga ng Espiritu na binanggit sa Mga Taga Galacia 5, tulad ng pakakaroon ng higit na kapayapaan sa tahanan. Sa palagay ko, magiging mas mabait at mas mapagmahal ang kanilang mga anak. Nanaisin ng mga anak na makasama palagi ang kanilang pamilya. Mas malamang na ang mga anak ay mananalangin at maghahanap ng mga kasagutan. Makakakita ang mga magulang ng pag-unlad hindi lamang sa aspetong espirituwal kundi pati na rin sa aspetong pakikisalamuha, pisikal, at intelektuwal.

Sister Jones: Malalaman nila na nagtagumpay ito kapag tumitibay ang mga samahan, kapag nakakaranas ng totoong pag-unlad ang mga miyembro ng pamilya at nagsisikap pa rin sila kahit nahihirapan, kapag nagpapakita sila ng suporta at pagmamahal sa isa't isa, at kapag ang impluwensya ng Espiritu Santo ay palaging hinahangad at naroroon sa kanilang tahanan. Maaaring mas maunawaan ng mga miyembro ng pamilya ang kaugnayan ng ginagawa nila sa araw-araw sa buhay ni Cristo. Marahil magkakaroon sila ng higit na pasasalamat para sa kalayaang pumili at pagsisisi, mas mabuting pag-uugali, dagdag na kumpiyansa sa sarili, pagsisikap na maglingkod sa iba sa halip na pagtuunan ang sarili, at higit na pasasalamat para sa Tagapagligtas, sa Kanyang buhay, sa Kanyang mga turo, sa Kanyang halimbawa, at sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli.

Ano ang maipapayo ninyo sa mga magulang na nag-aatubiling iwanan ang mga dating programa ng Simbahan?

Sister Cordon: Siyempre mahal natin ang mga dating programa, kasi bawat isa sa atin ay umunlad at nagkaroon ng pagkakataon na makita ang iba na umunlad dahil sa mga programang iyon. Akma ang mga iyon para sa panahon nila. Ngunit hindi ba tayo nagpapasalamat para sa patuloy na paghahayag? Nais ng Panginoon na patuloy tayong umunlad at magbago, at nais din Niya na ang ating mga programa ay umunlad at magbago upang matugunan ng mga ito ang mga pangangailangan ng mga miyembro sa buong mundo. Lagi tayong nagsisikap na umunlad at maging uri ng Simbahan at tao na nais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan natin.

Sister Jones: Lubos tayong napagpala ng mga dating programa kaya dapat nating ipagpasalamat ang lahat ng mga natutuhan at naranasan natin. Ito ay isang bagong panahon sa kasaysayan at isang pagkakataon para hingin ang patnubay ng Panginoon upang matuto at umunlad sa mga bago at inspiradong paraan.

Paano matutulungan ng mga lider ang mga bata at kabataan sa personal na pag-unlad?

Brother Owen: Una sa lahat, sa palagay ko ay kinakailangang makita ng lider ang bata o binatilyo o dalagitang iyon kung paano siya nakikita ng Diyos, sa madaling salita, kung ano ang maaari niyang marating, hindi lamang kung sino siya ngayon. Sa simula pa lamang, dapat alam na ninyo kung ano ang gusto ninyong makamtan. Magkaroon ng pangmatagalang pananaw. Mahabang panahon ang kailangan dito. Tingnan kung ano ang maaaring marating ng mga bata at kabataan. Pagtibayin ang inyong samahan para kapag kailangan ninyong magsalita sa mga kabataan, makikinig sila sa inyo dahil iginagalang nila kayo.

Bukod doon, kilalanin din ang mga magulang. Alamin mula sa kanila kung paano kayo makakatulong. Igalang ang kanilang tungkulin bilang mga magulang.

Sister Jones: Ang Primary ay walang mga panguluhan ng mga korum at klase na gaya ng sa young men at young women. Ang mga lider at guro sa Primary, pati na rin ang mga ministering brother at sister, ay nagbibigay ng tulong sa mga batang hindi natuturuan ng ebanghelyo sa kanilang mga tahanan. Gayunman, mahalaga na palagi nating iginagalang ang ugnayan sa pagitan ng mga bata at kabataan at ng kanilang mga magulang, anuman ang sitwasyon sa kanilang tahanan. Ang Mga Bata at Kabataan ay maaaring magbigay-daan para maanyayahan ang buong pamilya na magsiparito at tingnan at magsiparito at tumulong. Maaari itong maging daan upang mapalakas ang buong pamilya, miyembro man sila o hindi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sister Cordon: Marami tayong mga bata at kabataan na walang kasamang magulang sa simbahan kapag Linggo ngunit mapagmahal pa rin ang mga magulang. Hinihikayat ko ang mga lider na kilalanin ang mga magulang at alamin kung ano ang mga pangarap at inaasam nila para sa kanilang mga anak. Maaari tayong tumulong. Kapag nakikipagtulungan tayo sa mga magulang, mapapalakas natin ang mga indibiduwal *at* ang kanilang mga pamilya at mahihikayat din natin ang mga bata at kabataan na patatagin ang pamilya ng isa't isa.

Ano ang nais ninyong sabihin sa mga magulang na nag-aalala na baka hindi nila matulungan ang kanilang mga anak na magtagumpay sa Mga Bata at Kabataan?

Sister Cordon: Ang maganda ay ginagawa na natin ang karamihan dito. Pinag-aaralan na ng mga pamilya ang ebanghelyo nang magkakasama. Naglilingkod na tayo at gumagawa ng mga aktibidad. Matagal na tayong nagsisikap na mapaunlad ang ating mga sarili; ngayon ay magtutuon lamang tayo sa mga paraan kung paano lumaki si Cristo.

Kapag kinausap natin ang ating mga anak, sa palagay ko ay talagang masisiyahan tayo. Makinig lamang kayo sa mga hangarin ng inyong mga anak sa natural na paraan. Nais ng ating Ama sa Langit na umunlad, magalak, at makabalik sa piling Niya ang inyong anak. Madarama ninyo na ginagabayan kayo ng Espiritu Santo kapag *magkakasama* ninyong sinisikap na maging bahagi ng lahat ng aspeto ng inyong buhay ang ebanghelyo at ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Sister Jones: Magsimula sa paraang epektibo sa inyong pamilya. Magtiwala na tutulungan kayo ng langit. Hangarin ang patnubay ng Espiritu. Ang Mga Bata at Kabataan ay magiging napakahalagang kasangkapan ng mga magulang. Maraming kinakailangang gawin ang mga magulang ngayon sa paggabay at pangangalaga sa kanilang mga pamilya. Kung minsan, tila napakabigat na ng mga pasanin. Ang Mga Bata at Kabataan ay tutulong sa mga magulang na tukuyin kung ano ang kinakailangan mula sa kung ano ang mahalaga. Ang pagtulong sa ating mga pamilya na matutuhan kung paano sundin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo ay kinakailangan nating lahat at maghahatid ng pagmamahal at mga pagpapala ng Panginoon.

Brother Owen: Sa palagay ko ay talagang matutulungan ninyo ang mga bata at kabataan. Hindi ninyo kinakailangang gumawa ng malaking bagay. Ang pinakamahalaga ay pagiging tapat at madasalin at pagkakaroon ng mabubuting kaugalian at gawain sa inyong pamilya. Magsimula sa ilang mahahalaga, simple, at mabubuting gawain, at makikita ninyo ang mga himala na mangyayari sa buhay ng inyong mga anak. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 93–96.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pambungad na Mensahe," *Liahona,* Nob. 2018, 6–8.

MAKAKATULONG NA MGA SANGGUNIAN O RESOURCE

Sa *Liahona*:

- Wendy Ulrich, "Paghikayat sa Bagong Salinlahi," *Liahona,* Ene. 2020, 26.
- Heather Bergeson at Amanda Dunn, "Mga Bata at Kabataan: Sentro ng Pang-araw-araw na Buhay," *Liahona,* Ene. 2020, 52.
- Joy D. Jones, "Mas Mabuti sa Bawat Araw," *Kaibigan,* Ene. 2020, K8.
- Brittany Beattie, "Paglilingkod sa mga Bata at Kabataan," *Liahona,* Dis. 2019, 36.

Online: **childrenandyouth.ChurchofJesusChrist.org**

Paghikayat sa Bagong Salinlahi

Narito ang apat na paraan para matulungan ninyo ang inyong mga anak na magtakda ng mga makabuluhang mithiin at abutin ang mga ito para lumaki silang katulad ng Tagapagligtas.

Ni Wendy Ulrich, PhD

Bilang mga magulang at lider, nais nating tulungan ang mga bata at kabataan na maging panghabambuhay na disipulo ni Jesucristo na hinihikayat ang kanilang mga sarili na paglingkuran ang Panginoon at tuparin ang kanilang mga personal na misyon.

Ang Mga Bata at Kabataan ay isang simple ngunit mabisang sanggunian o resource na tutulong sa mga bata at kabataan na umunlad sa espirituwal, sosyal, pisikal, at intelektuwal, tulad ng Tagapagligtas (tingnan sa Lucas 2:52). Mangyayari ito habang natututuhan at ipinapamuhay nila ang ebanghelyo ni Jesucristo, nakikibahagi sila sa makabuluhan at masayang paglilingkod at mga aktibidad, at nagtatakda sila ng kanilang mga sariling mithiin at inaabot nila ang mga ito. Gayunman, tulad ng mga magulang sa kuwento sa ibaba, maaaring nabibigatan na tayo hindi pa man natin idinadagdag ang mga mithiin ng ibang tao sa ating listahan. O maaaring nag-aalala tayo na hindi uunlad ang ating mga anak kung hindi natin titiyakin na ginagawa nila ito.

Pag-uusap tungkol sa Pagtatakda ng Mithiin, Halimbawa 1:

Sinusuri ni Alana, 15, katabi ng kanyang ina na si Rachel, ang listahang ginawa nila tungkol sa mga mithiing maaaring gawin ni Alana. Dumaan ang tatay ni Alana na si Jeff. "Alin po sa mga ito ang dapat kong gawin, Itay?" tanong ni Alana.

Tumingin si Jeff sa kanyang relo, bahagyang napasimangot, at tiningnan ang listahan. "Parang madali ang isang ito. Bakit hindi ka 'Magsaulo ng isang himno'? Mabilis mong magagawa iyan. Ano pa kaya ang madali?"

Naaalala ang pag-aatubili ni Alana na sumali sa track team ng paaralan, sumali na sa usapan si Rachel. "Siguro kailangang mas mahirap ang gawin mo! Ano kaya kung may kinalaman sa ehersisyo?" mungkahi niya.

"Hay," bulong ni Alana habang kinukuha ang kanyang telepono. "Sige na nga po."

Paano Makakatulong ang mga Magulang at Lider?

Maraming magagawa ang mga magulang at lider para matulungan ang mga bata at kabataan na mahikayat ang kanilang mga sarili na magkaroon ng mabubuting kaugalian, gumawa ng mabubuting pagpili, at tamasain ang kanilang pag-unlad at tagumpay.

Mag-isip ng isang pagkakataon kung kailan talagang nahikayat ka na gawin ang isang mithiin. Ano ang naghikayat sa iyo? Malamang nakakita ka ng isang pagkakataon o kasanayan na talagang gusto mo o ng isang problema na kinakailangan mong lutasin. Ang halimbawa at suporta ng iba ay naghikayat sa iyo na subukan itong gawin.

Gayundin, ang mga bata at kabataan ay mas lalong mahihikayat kapag sila ay (1) nananalangin bago magpasiya kung ano ang gusto nila (hindi lang kung ano ang gusto ng iba para sa kanila), (2) nagpaplano na makamtan ito, (3) hindi gaanong naiimpluwensyahan ng pagbibigay ng mga gantimpala o parusa, at (4) nakadarama ng suporta mula sa kanilang mga magulang at lider.

1. Tulungan ang mga kabataan na matukoy kung ano ang pinakagusto nila

Lahat ng tao ay may isang bagay na gusto: makasali sa isang sports team, makatulog nang mas mahaba, hindi gaanong malungkot, mas mapalapit sa Diyos. Madalas itanong ng Panginoon at ng Kanyang mga sugo sa mga tao, "Ano ang nais ninyo?" (tingnan sa Marcos 11:24; 1 Nephi 11:1–2; Alma 18:15; 3 Nephi 27:1–2; Eter 2:23–25). Ngunit bago natin matukoy kung ano ang pinakagusto natin, hindi kung ano lang ang gusto natin ngayon, kinakailangan natin ng matinding karanasan at pagninilay.

Habang iniisip mo ang isang bata o kabataan na nais mong tulungan, tanungin ang iyong sarili:

- Paano ko maipapabatid sa kanila ang mga bagong karanasan, kaugalian, at ideya sa isang kontekstong mayroong mabuting ugnayan at masaya?
- Hahayaan ko bang maranasan nila ang mga bunga ng mga maling pagpili para naisin nilang gumawa ng mas mabubuting pagpili?
- Kailan ko sila tatanungin kung ano ang pinaniniwalaan at pinahahalagahan nila? (Tingnan ang kalakip na listahan, "Mga Makakatulong na Tanong sa Pagtuklas.")
- Paano ko maipapabatid sa kanila ang kanilang mga kalakasan? (Sabihin: "Nakita ko na talagang magaling ka sa _____. Paano mo magagamit iyon para mapaglingkuran ang Panginoon?")

2. Tulungan ang mga kabataan na magplano

Kapag nakapagtakda na sila ng isang mithiin, kadalasan ay madali na lang para sa mga kabataan na magplano. Maaaring mangailangan ng mas maraming ideya ang mga bata. Magmungkahi lamang kapag wala na silang maisip.

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID GREEN

Matuwa, sa halip na magalit, kung mas gusto nila ang kanilang mga ideya kaysa sa ideya mo!

Para matulungan ang iba na magplano, maaari mong itanong:

- Ano ang mithiin mo? (Ang mga di-konkretong mithiin tulad ng "Maging mas mabait" ay mahirap tukuyin maliban kung maglalagay sila ng partikular na gawain tulad ng "Purihin ang isang tao araw-araw" o "Humingi ng paumanhin kapag nagalit ako.")
- Bakit mahalaga sa iyo ang mithiing ito? (Paano ito makakatulong sa kanila na maisabuhay ang kanilang mga prinsipyo o maging higit na katulad ng Tagapagligtas?)
- Magandang pagkakataon ba ito para makamit ang mithiing ito? (Bakit oo o bakit hindi?)
- Anong simpleng hakbang ang maaari mong gawin para makapagsimula? (Ipaalala sa kanila na ang pagkilos ay lalo pang naghihikayat ng paggawa. Tulungan silang magsimula, o magsimulang muli, sa isang simpleng bagay.)
- Paano mo masusuportahan ang iyong plano? (Maaaring gumawa ng mga paalala, magpaskil ng mga nakakahikayat na mensahe, gumawa ng tsart o timetable para masubaybayan ang pag-unlad, alisin ang mga tukso, gamitin ang mga tamang materyal, o magpatulong.)
- Ano ang mga maaaring makahadlang sa iyo? Paano mo aalisin ang mga ito? (Tulungan silang maalala ang kanilang plano, alamin kung ano ang nangyaring mali, paghusayin pa ang mahihirap na bahagi, sumubok ng bagong diskarte, o baguhin ang mithiin.)

Para matulungan ang iba sa kanilang mga problema, maaari kang magbahagi ng mga karanasan mula sa iyong buhay o pamilya tungkol sa mga taong naging matatag sa gitna ng mga pagsubok. Subukan ding itanong:

- Ano ang sinubukan mong gawin? Ano pa ang maaari mong gawin?
- Sino ang maaaring tumulong? Paano ako makakatulong?
- Anong mga ideya ang naisip mo habang ipinagdarasal mo ito?

3. Maging maingat sa pagbibigay ng mga gantimpala o parusa

Ang maliliit na gantimpala ay maaaring makahiyat sa mga tao na sumubok ng isang bagong bagay, makatulong na gawing mas masaya ang mahirap na gawain, o maging simbolo ng tagumpay. Gayunman, kapag nasobrahan, ang mga gantimpala ay maaaring magpahina ng hangarin. Kadalasan, ang mga taong nasisiyahan sa paggawa ng isang gawain ay nawawalan ng gana, sa halip na mas ganahan, kapag binabayaran sila sa paggawa nito dahil iniisip nila na hindi ito sulit gawin para lamang sa gantimpala. At bagama't kailangang maranasan ng mga bata ang mga bunga ng mga maling pagpili, natututuhan nilang katakutan at iwasan ang mga taong nagpaparusa sa kanila sa halip na matutuhang mas pagbutihin ang mabubuting kaugalian.

Siyempre, inaasahan ng mga tao na babayaran sila sa trabaho, kung saan ang mga bonus o pagkilala ay maaari ring makapagbigay ng makakatulong na feedback. Ngunit pagdating sa pagsasabuhay ng ebanghelyo at pagkamit ng mga personal na mithiin, ang pinakamabisang panghikayat ay ang mga panloob na gantimpala. Kabilang sa mga panloob na gantimpala ang:

- Pagdama sa Espiritu.
- Pagkakaroon ng matibay na ugnayan sa mga magulang, lider, at kaibigan.
- Pagsasabuhay ng kanilang mga prinsipyo.
- Pagkatuto, pagsubok ng mga bagong bagay, at paglutas ng mga problema.
- Pagkakaroon ng kasiyahan.
- Pagiging mabuting impluwensya.

Tulungan ang mga kabataan na makilala at pahalagahan ang mga panloob na gantimpalang ito. At paminsan-minsan ay magbigay ng maliit na gantimpala para ipagdiriwang ang kanilang tagumpay!

4. Tulungan ang mga kabataan na madama ang iyong pagmamahal

Ang samahang puno ng pagmamahal ay isa sa pinakamahalagang paraan para maimpluwensyahan ang mga kaugalian, mithiin, at hangarin ng iba. Paano ipinapahiwatig ng mga tao na talagang minamahal at pinahahalagahan ka nila? Paano mo malalaman kung kanino ka magbabahagi tungkol sa iyong mga pagkakamali o problema? Kung talagang hindi ka nakadama ng pagmamahal sa inyong tahanan, ano sa palagay mo ang kailangan mo na hindi mo nakamtan?

Ang iyong mga sagot ay makatutulong para malaman mo kung paano mo maipapahayag sa mga bata at kabataan na mahal mo sila at mapagkakatiwalan ka nila.

Sa patuloy na paggawa nito at sa tulong ng langit, makakatulong tayo na mahikayat at maimpluwensya ang bagong salinlahi.

Pag-uusap tungkol sa Pagtatakda ng Mithiin, Halimbawa 2:

Sinusuri ni Alana, 15, katabi ng kanyang ina na si Rachel, ang listahan ng mga mithiing maaaring gawin ni Alana nang dumaan ang tatay ni Alana na si Jeff. "Alin po sa mga ito ang dapat kong gawin, Itay?" tanong ni Alana.

Tumingin si Jeff sa kanyang relo, bahagyang napasimangot, at tiningnan ang listahan. "Parang madali ang isang ito. Bakit hindi ka 'Magsaulo ng isang himno'? Mabilis mong magagawa iyan. Ano pa kaya ang madali?"

Natigilan si Jeff. Parang may mali, kaya't sandali siyang nag-isip kung ano iyon.

Mahuhuli na ako, *naisip niya*. Gusto ko lang na matapos na ito. Hindi ako magaling sa mga ganitong bagay. Hmmm. *Minasdan niya ang kanyang anak at napagtanto niyang may iba pa siyang nararamdaman. Pag-asa. Kasiyahan. Hindi lang ito basta pagtapos ng mga gawain, tungkol ito sa pag-unlad ng kanyang anak. At pagkakataon ito para mas tumibay ang samahan nila. Napangiti siya.*

"Huminto muna tayo at pag-isipan natin ito," sabi niya. "Ano kaya kung magsulat tayo ng mga bagay na nahikayat tayong gawin kamakailan?"

"Ah, sige po," sabi ni Alana. Kumuha si Rachel ng mga lapis at papel, at ilang minuto silang nag-isip at nagsulat.

"Tapos na," sabi ni Rachel. "Ano na ang gagawin natin?"

Naalala ni Alana, "Siguro po dapat natin itong ipagdasal at pagkatapos ay pumili tayo ng isang mithiin at magplano. Pero Itay, sa palagay po ba ninyo may pakialam ang Ama sa Langit sa mithiing pipiliin ko?"

Napaisip si Jeff. "Marami kang magagandang ideya, kaya siguro nais lamang ng Ama sa Langit na pumili ka ng isa para makapagsimula ka na. Pero sigurado ako sa isang bagay. Mahal ka ng Ama sa Langit."

"Alam ko na gusto mong gamitin ang iyong mga talento para makaimpluwensya," dagdag ni Rachel, "kaya kung mas mahalaga ang isa sa mga ito, siguradong tutulungan ka ng Ama sa Langit na maramdaman iyon."

Ngumiti si Alana, at pagkatapos ay naalala niya, "Ipinayo ni Pangulong Nelson sa mga kabataan na suriin namin ang aming buhay. Maaari ko po bang kunin ang isinulat ko?"

"Oo naman!" nakangiting sabi ni Jeff. Tumingin siya ulit sa kanyang relo. "Naku, kailangan ko nang umalis! Hanapin mo ang isinulat mo at mag-usap tayo mamaya sa hapunan, OK? May mga katanungan ako na maaaring makatulong."

"Ayos!" nakangiting sabi ni Alana. "At, Itay? Inay? Salamat po." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA MAKAKATULONG NA TANONG SA PAGTUKLAS

Para matulungan ang mga bata at kabataan na matukoy kung ano ang pinakagusto nila, talakayin sa kanila ang ilan sa mga tanong na ito:

Sino ang hinahangaan mo? Bakit?

Paano mo gustong pakitunguhan ka? Paano mo gustong pakitunguhan ang iba?

Anong mga pangako sa mga banal na kasulatan, mga turo ng mga propeta, o iyong patriarchal blessing ang tila mahalaga sa iyong kinabukasan?

Ano ang gusto mong idagdag o tanggalin sa iyong buhay?

Kailan ka masaya at abala sa buhay? Sa paggawa ng ano?

Ano ang gagawin mo sa buhay kung hindi ka natatakot mabigo?

Anong problema ang gumugulo sa iyo nitong mga nakaraang araw?

Ano sa palagay mo ang nais ng Panginoon para sa iyo at mula sa iyo?

Ano ang gusto mong subukang gawin o matutuhan ngayong taon? Bakit?

Ano ang mga mithiin mo ngayong linggo? Bakit kaya mahalaga ang mga ito sa Panginoon?

Habang nag-uusap tayo, narinig kong sinabi mo na gusto mong _____. Tama ba? Ano pa?

Imbakan ng Patotoo

Noong unang taon ko sa hayskul, naghiwalay ang aking mga magulang. Sa loob ng maraming taon, nakita kong hindi tumatanggap ng sakramento ang aking ama. Alam ko na may problema siya sa pagsunod sa mga kautusan, pero hindi ko alam kung gaano kalaki o kabigat ang mga problemang iyon. Nang sabihin ng mga magulang ko ang tungkol sa kanyang pagkakatiwalag ay saka pa lamang namin nalaman ng kapatid ko ang mga detalye.

"Galit ako sa iyo!" paulit-ulit kong isinigaw habang umiiyak. Galit na galit ako. *Paano niya ito nagawa sa aming pamilya?* naisip ko. *Paano niya nagawang magsinungaling sa amin sa loob ng napakahabang panahon?*

Hindi na mahalaga na hindi ko nadama ang Espiritu sa sandaling iyon. Mayroon na akong imbakan ng tahimik at matibay na patotoo.

Ang pagkabigla at galit na naramdaman ko noong una ay hindi nagtagal. Pagkalipas ng ilang linggo, napalitan ng pagwawalang-bahala ang aking galit. Noong una, ang pagwawalang-bahala ay nakatulong para mawala ang galit at sakit, ngunit kalaunan ay nauwi ito sa kawalan ng pag-asa. Tila gumuho ang buhay ko. Higit pa kaysa dati, kinailangang kong madama ang kaugnayan ko sa langit. Kinailangan kong madama ang pagmamahal, paggabay, kapayapaan, at pagpapagaling ng Diyos.

Di-nagtagal, sumapit ang pangkalahatang kumperensya. Habang nasa isang sesyon, nakinig ako at hinintay ko na madama ko ang kapanatagan ng Diyos. Pero hindi ko nadama iyon. Doon sa madilim na chapel, naisip ko, *hindi ko madama ang Espiritu Santo, ngunit sigurado akong narito Siya*. Kailangang narito Siya. Habang iniisip ko ito, bigla kong naalala ang mga munting patotoo na natanggap ko na ang mga banal nakasulatan ay totoo, na si Joseph Smith ay isang propeta, na pinagpala ng Ama sa Langit ang aking pamilya, at na ang pagsunod sa mga kautusan ay nagdadala ng kapayapaan. Tila ba may imbakan ako ng patotoo.

Habang mas lalo kong iniisip ang mga espirituwal na patotoo ko noon, mas lalo kong napagtatanto na bagama't desperado akong madama ang Espiritu, hindi na mahalaga na hindi ko nadama ang Kanyang impluwensya sa mismong sandaling iyon. Mayroon na akong imbakan ng tahimik at matibay na patotoo na totoo ang ebanghelyo.

Ang kaalamang iyon ang tumulong sa akin at nagbigay sa akin ng hangaring patuloy na sundin ang mga kautusan kahit tila wala itong agad na kapakinabangan. Unti-unti, mas lalo kong nadama ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas sa aking buhay. Ang pananatiling malapit sa Kanila, kahit hindi ko madama palagi na malapit Sila, ay nagdulot sa akin ng di-maikakailang kapayapaan at mas malakas na patotoo sa ebanghelyo ng Tagapagligtas. Patuloy itong nakakaimpluwensya sa akin ngayon kapag nakadarama ako ng kawalang-katiyakan o kalungkutan. Alam kong mapagkakatiwalaan ko ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas, at pagagalingin, pasisiglahin, at palalakasin Nila ako at ang bawat isa sa atin. ■

Hindi ibinigay ang pangalan, Utah, USA

PAGLALARAWAN NI PHIL I2IART.COM

Mauunawaan Ba Niya?

Noong 2005, napaaga ang pagsilang ko sa aking triplets: sina Milena, Mateo, at Nelson. Isinilang nang malusog si Milena, ngunit ang aking dalawang anak na lalaki ay nagkaroon ng mga kumplikasyon. Namatay si Mateo dahil sa mga kumplikasyong iyon makalipas ang tatlong buwan pagkatapos niyang maisilang.

Isang buwan pagkatapos pumanaw ni Mateo, sinabi ng doktor na may cerebral palsy at pagkabingi si Nelson. Nanlumo kami. Sinabi rin sa amin ng doktor na hindi siya makakalakad kailanman. Noong sandaling iyon, nagpasalamat kami para sa aming kaalaman tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nakatulong ito para maunawaan namin kung bakit dumaranas tayo ng paghihirap sa buhay na ito.

Sa pamamagitan ng pananampalataya at kasipagan, si Nelson ay natutong maglakad at makipag-usap sa pamamagitan ng sign language. Nahigitan pa niya ang inaasahan ng kanyang mga doktor. Lumaki siyang masaya sa aming pamilya at sa ebanghelyo.

Sa kabila ng kanyang mga limitasyon, nagkaroon kami ng ilang mithiin para Nelson: na maunawaan niya ang kahulugan ng pagbibinyag bago siya mabinyagan, na matanggap niya ang Aaronic Priesthood sa edad na 12, at na makapunta siya sa templo para mabinyagan para sa mga patay.

Noong 2017, 12 taong gulang na si Nelson. Tinulungan namin siyang maghanda para mabinyagan para sa mga patay. Mahirap para sa kanya na maunawaan na yaong mga pumanaw nang hindi nabinyagan ay nangangailangan ng ating tulong. Di-nagtagal pagkatapos ng kaarawan ni Nelson, siya, si Milena, ang kanyang mga nakatatandang kapatid na sina Franco at Brenda, at ang iba pang mga kabataan mula sa aming ward ay pumunta sa Córdoba Argentina Temple. Ang temple president ay bumati sa kanila at nagbahagi tungkol sa kahalagahan ng binyag para sa mga patay. Tinabihan ko si Nelson at nag-sign language ako para maunawaan niya ang sinabi. Hindi nagtagal, siya na ang bibinyagan. Nang pababa na siya sa bautismuhan, naisip namin, mauunawaan ba talaga niya?

Paglusong ni Nelson sa tubig, naging emosyonal siya. Noong sandaling iyon, ipinahiwatig sa amin ng Espiritu Santo na talagang naunawaan niya na gumagawa siya ng isang bagay para sa kanyang mga yumaong ninuno na hindi na nila magagawa para sa kanilang mga sarili. Alam namin na naunawaan niya na masaya ang aming mga kapamilya sa kabilang tabing na tinutulungan niya sila. Ipinahiwatig din sa amin ng Espiritu na naroon si Mateo para samahan ang kanyang mga kapatid. Nang umahon si Nelson sa tubig, napakasaya niya.

Mula noon, si Nelson ay nabinyagan at nakumpirma para sa maraming miyembro ng aming pamilya, kabilang na ang aking ama na pumanaw noong 2016. Mahal namin ang templo. Ang paglilingkod doon ay naging isa sa mga tradisyon ng aming pamilya. Tuwing pupunta kami roon, naaalala namin ang espesyal na araw na iyon. ■

Miriam Rosana Galeano, Córdoba, Argentina

Ang paglilingkod sa templo ay naging isa sa mga tradisyon ng aming pamilya. Tuwing pupunta kami roon, naaalala namin ang espesyal na araw ni Nelson.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

“Sa Karunungan Niya na Nakaaalam ng Lahatng Bagay”

Nang pumasok ako sa missionary training center bilang isang full-time missionary, nalaman ko na marami pang dapat matutuhan. Ginawa ko ang lahat ng makakaya ko para mag-aral, palakasin ang aking patotoo, at patibayin ang pundasyong mayroon na ako. Mananalangin ako, magtatanong sa Ama sa Langit, at magsasaliksik ng mga kasagutan. Ang gawaing ito ang nagpabago sa aking buhay.

Isang araw, habang naglilingkod ako bilang misyonero sa Peru, nakatanggap ang kapwa ko elder ng isang liham na nagbalita sa kanya na ang ama ng matalik niyang kaibigan ay namatay nang biglaan. Umiyak siya. “Bakit hinayaan ng Ama sa Langit na mangyari ito?” hinagpis niya.

Ang tanong na ito ay nagkaroon ng matinding epekto sa akin. Noong gabing iyon, lumuhod ako at itinanong ko iyon sa Ama sa Langit. Pagkatapos, sa pagsasaliksik sa Aklat ni Mormon, natuon ang paningin ko sa 2 Nephi 2:24, na nagsasabing, “Ngunit masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.”

Ang banal na kasulatang iyon ay tumimo sa kaibuturan ng aking puso. Sinulatan ko ang elder at isinama ko ang banal na kasulatang iyon bilang bahagi ng aking patotoo. Tiniyak ko sa kanya na magiging maayos ang lahat dahil lahat ng bagay ay ginagawa sa karunungan ng Ama sa Langit. Mapagkakatiwalaan natin Siya dahil mahal Niya tayo at Siya ang nakaaalam ng lahat ng bagay.

Pagkalipas ng isa’t kalahating taon, naglilingkod ako sa kabundukan ng Peru nang makatanggap ako ng isang di-inaasahang tawag mula sa aking mission president. Sinabi niya sa akin na na-stroke ang aking ama at malubha ang kalagayan nito. Pagkalipas ng ilang araw, pumanaw ang aking ama. Napakalungkot ko, at marami akong tanong tulad ng, “Paano ko ito makakayanan?”

Nanalangin ako at humingi ng kasagutan sa Ama sa Langit. Ang pinakagusto kong malaman ay kung bakit kinailangang kunin ang aking ama nang hindi man lang ako nagkakaroon ng pagkakataon na makapagpaalam. Kinuha ko ang Aklat ni Mormon, binuklat ito, at muling binasa ang mga salitang ibinahagi ko sa elder na iyon maraming buwan na ang nakalipas: “Ngunit masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.” Ang mga salitang ito ay nagdulot ng labis na kapayapaan sa akin at nagbigay ng lakas noong nanlulumo ako.

Pumanaw na ang aking ama sa lupa, ngunit ang aking Ama sa Langit ay laging naririyan para sa akin. Ginagawa ng Ama sa Langit ang lahat ng bagay sa Kanyang karunungan, at kapag nagsasaliksik tayo at ginawa natin ang lahat ng ating makakaya para maihanda ang ating mga sarili, makakahanap tayo ng mahahalagang sagot. ■

Christopher Deaver, California, USA

Habang naglilingkod sa kabundukan ng Peru, nakatanggap ako ng isang di-inaasahang tawag mula sa aking mission president.

PAGLALARAWAN NI CHRISTOPHER WORMELL

Pinagtibay ng aking bagong tawag na maglingkod na dinala ako ng Panginoon sa tamang lugar sa tamang panahon.

Isang Napakagandang Bagong Kabanata

Natapos ang isang kabanata ng aking buhay nang mabiyuda ako noong Oktubre 2010. Noong panahong iyon, nagtatrabaho ako bilang guro sa katimugang France. Isang aksidente sa trabaho ang naglimita sa pagkilos ko, at nalungkot ako dahil hindi naging mabilis ang paggaling at paglakas ko. Masaya akong nagtrabaho sa loob ng 11 taon. Mahal ko ang trabaho ko. Marami akong kaibigan. Ngunit hindi ko na matugunan ang mga kahilingan ng aking trabaho.

Inaamin ko, pagkalipas ng mahigit 33 taong pagsunod sa Word of Wisdom, naisip ko kung bakit hindi ko magawang "[tumakbo nang] hindi [n] apapagod" o "[lumakad nang] hindi [n]anghihina" (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:20). Sa huli, kinailangan kong magretiro nang maaga, at natapos ang isa na namang kabanata ng aking buhay.

Naninirahan ako kasama ng aking anak na babae nang makatanggap siya ng sulat na nagsasabing ililipat siya ng pinagtatrabahuhan niya sa Paris. Nagpasiya ako na sumama sa kanya at magsimula ng bagong kabanata ng aking buhay sa isang bagong lugar.

Di-nagtagal pagkarating namin doon, tinawag kaming dalawa na maglingkod sa Paris France Temple. Pinagtibay sa akin ng tawag na maglingkod sa templo na ako ay nasa tamang lugar sa tamang panahon dahil dinala ako ng Panginoon rito. Nakadama ako ng matinding kagalakan sa regular na paglilingkod sa bahay ng Panginoon, at napakasaya na kasama ko sa templo ang aking anak. Napuspos ng kagalakan ang aking puso!

Ngayon, nakikita ko na ang malaking pagpapala na hindi ko nakita noon dahil sa mga paghihirap na naranasan ko. Mahirap malimitahan sa pagkilos, hindi makapagtrabaho, at mapilitang magretiro nang maaga. Ngunit alam ko na tinulungan ako ng ating Panginoong Jesucristo. Tinulungan Niya ako na magdahan-dahan at mahanap ang kapahingahan, pag-asa, at kapayapaan na ngayon ay malaking bahagi ng aking buhay.

Tuwing pumapasok ako sa templo, nadarama ko ang Espiritu Santo. Sa mahihirap na panahon na maraming pang-uudyok sa atin mula sa mundo, nakakatuwang malaman na binigyan tayo ng Panginoon ng mga banal na lugar kung saan ang lahat ay maayos at maganda. Lubos akong nagpapasalamat para sa bagong kabanatang ito ng paglilingkod sa templo sa aking buhay. Napakaganda nito! ■

Sylvie Cornette, Île-de-France, France

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

Joseph Smith

Samuel Smith

Lucy Mack Smith

Hyrum Smith

Hiram Page

Ang Tatlong Saksi

Martin Harris David Whitmer Oliver Cowdery

Rhoda Greene
(kapatid ni Brigham Young)

Sally Parker

William McLellin

Rebecca Williams

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Magandang Magkaroon ng Kaalaman Pero Hindi Ito Sapat

Narito ang ilang salaysay ng mga naunang miyembro ng Simbahan na nakarinig ng mga patotoo mula sa mga saksi ng Aklat ni Mormon.

Ni Steven C. Harper
Propesor ng Church History and Doctrine, Brigham Young University

Marahil ang mapakinggan ang patotoo ng isang saksi ng Aklat ni Mormon ang pinakamagandang bagay kasunod ng pagkakita ng mga gintong lamina o ng isang anghel. Maraming naunang miyembro ng Simbahan ang nagkaroon ng ganoong pagkakataon.

Ang mga sumusunod ay mga salaysay ng ilang miyembro na nakausap ang mga saksi ng Aklat ni Mormon. Gayunman, makikita natin, tulad ng itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, na ang pagkakaroon ng patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon ay "maganda. . . , pero hindi sapat!"[1]

Rebecca Williams: "Pinaniniwalaan ang Kanilang Salita"

Napakinggan ni Rebecca Swain Williams ang ilang saksi ng Aklat ni Mormon sa Ohio simula noong 1830. Nagpatotoo siya sa kanyang ama at mga kapatid na lalaki: "Narinig ko ang kuwentong iyon mula sa ilang miyembro ng pamilya [Smith] at mula mismo sa tatlong saksi. Narinig kong ipinahayag nila sa pampublikong pulong na nakakita sila ng isang Banal na Anghel na bumaba mula sa langit dala ang mga lamina at ipinakita niya ang mga ito sa kanila."

Nang hindi tanggapin ng kanyang pamilya ang kanyang patotoo, hindi sumuko si Rebecca. Patuloy niya silang minahal at ipinagdasal, at patuloy niyang pinahalagahan ang mababuting payo ng kanyang ama. Patuloy rin siyang nagpatotoo sa kanyang ama na totoo ang sinasabi ng mga saksi ng Aklat ni Mormon: "Sila ay mababuting tao at pinaniniwalaan ang kanilang salita. . . . Sila ay nakakita ng isang anghel ng Diyos at nakipag-usap sa kanya."[2]

Noong huling bahagi ng dekada 1830, kung kailan laganap ang pagsalungat sa Simbahan, nanatiling tapat si Rebecca at pinili niyang sumunod sa mga tuntunin ng Aklat ni Mormon.[3]

William McLellin: "Kinakailangang Kilalanin at Tanggapin . . . ang Katotohanan"

Isang umaga noong 1831, nabalitaan ng isang batang guro na nagngangalang William McLellin na ilang kalalakihang papunta sa Missouri ang mangangaral tungkol sa isang bagong aklat na inilarawan bilang "isang Paghahayag mula sa Diyos." Nagmadali

siya upang mapakinggan sila. Nakinig siya sa patotoo ni David Whitmer na siya ay "nakakita ng isang Banal na Anghel na nagsabi sa kanya na totoo ang talaang ito." Nagkaroon siya ng matinding hangarin na malaman kung totoo ang kanilang mga patotoo. Sinundan niya sila nang 400 milya (644 km) papunta sa Independence, Missouri, kung saan nakilala at nakausap niya ang iba pang mga saksi, kabilang sina Martin Harris at Hyrum Smith.[4]



Kinausap ni William si Hyrum nang ilang oras. "Tinanong ko ang mga detalye ng paglabas ng talaan," sulat ni William. Kinabukasan, pagkatapos manalangin para malaman ang katotohanan, napagtanto niya na "bilang isang matapat na tao ay kinakailangang kilalanin at tanggapin niya ang katotohanan at katumpakan ng Aklat ni Mormon."[5]

Sa mga sumunod na taon, ang pananampalataya ni William ay nasubukan at napalakas sa pamamagitan ng kanyang mga pagpili at ng pang-uusig na dinanas ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nang salakayin ang mga Banal sa Jackson County, Missouri, ang kaibigan ni William na si Hiram Page, isa sa walong saksi, ay hinampas at nilatigo ng mga tao na nagsabing palalayain siya kung ikakaila niya na totoo ang Aklat ni Mormon. "Paano ko ikakaila ang alam kong totoo?" sabi ni Hiram, at siya ay muli nilang binugbog.

Si William ay napalakas ng patotoo ni Hiram—at natural lang na natakot siyang mabugbog. Nang mabalitaan ni William na nag-alok ng gantimpala ang mga kalalakihan sa lugar para sa paghuli sa kanya at kay Oliver Cowdery, nilisan nila ang bayan para magtago sa kakahuyan kasama si David Whitmer. Doon nakausap ni William ang dalawa sa Tatlong Saksi. "Hindi pa ako kailanman nakakita ng isang pangitain sa buong buhay ko," sabi niya, "pero sinabi ninyo na nakakita na kayo, at samakatwid ay nakatitiyak kayo. Ngayong alam ninyo na nanganganib tayong mahuli ng mga mandurumog anumang oras, sabihin ninyo sa akin nang may takot sa Diyos, totoo ba ang Aklat ni Mormon?"

"Kapatid William," sabi ni Oliver, "isinugo ng Diyos ang kanyang banal na anghel upang ipahayag ang katotohanan ng pagsasalin nito sa amin, kaya nga alam naming totoo ito. At kahit patayin kami ng mga mandurumog, mamamatay kami na inihahayag ang katotohanan nito."

Dagdag ni David, "Sinabi na sa iyo ni Oliver ang dakilang katotohanan, dahil hindi kami palilinlang. Tunay na sinasabi ko sa iyo na totoo ito!"[6]

Nalaman ng bawat isa kina David, Martin, Hiram, Oliver, at William na isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Alam nila na totoo ang ebanghelyo na nakasulat sa mga laminang ginto. Ngunit kalaunan, hinayaan nilang tumindi ang hinanakit nila kay Joseph hanggang sa hindi na nila ipamuhay ang mga turo sa Aklat ni Mormon.

Nasaksihan ang mga ginawa nilang pagpili, nagpatotoo si Propetang Joseph Smith hindi lamang na totoo ang Aklat ni Mormon—"ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon"—kundi pati na tayo "ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."[7]

Sally Parker: "Matibay ang . . . Paniniwala"

Si Sally Parker ay naging kapit-bahay ni Lucy Mack Smith sa Kirtland, Ohio. "Ikinuwento niya sa akin ang buong pangyayari," sulat ni Sally. Nang tanungin niya si Lucy kung nakita niya na ang mga lamina, "Sinabi [ni Lucy] na hindi, hindi nakatakdang makita niya ang mga ito, ngunit nabuhat at nahawakan niya ang mga ito at naniwala ako sa lahat ng sinabi niya dahil naging kapit-bahay ko siya sa loob ng walong buwan at isa siya sa pinakamabait na babaeng nakilala ko."

Noong 1838, narinig din ni Sally ang patotoo ni Hyrum Smith: "Sinabi niya na nakita ng kanyang mga mata ang mga lamina at nahawakan ang mga ito ng kanyang mga kamay."[8]

Noong huling bahagi ng dekada 1830, nang maraming tao ang tumalikod sa Simbahan, nalungkot si Sally Parker sa pagkawala nila at pinanibago niya ang kanyang hangarin na sumunod sa mga tuntunin ng Aklat ni Mormon. "Determinado akong kumapit sa pananampalatayang iyon na katulad ng isang butil ng binhi ng mustasa," sulat ni Sally. "Nararamdaman ko ngayon ang kapangyarihan nito sa aking puso. Matibay ang aking pananampalataya gaya noong kami ay nabinyagan at gayon pa rin ang nadarama ko. Determinado akong kumapit sa ebanghelyo hanggang kamatayan."[9]



Rhoda Greene: "Nasa Kanya ang Espiritu ng Diyos"

Si Lucy Mack Smith ay nagsalita sa pangkalahatang kumperensya noong 1845, matapos pumanaw dahil sa sakit o mapaslang ang lahat ng saksi ng Aklat ni Mormon sa kanyang pamilya. Nagkuwento siya tungkol sa unang misyon ng kanyang anak na si Samuel.

Si Samuel, isa sa Walong Saksi, ay bumisita sa bahay ni Rhoda Greene, na ang asawa ay nasa misyon para sa ibang simbahan. Itinanong ni Samuel kay Rhoda kung gusto niya ng aklat. "Ito ang Aklat ni Mormon na isinalin ng aking kapatid na si Joseph mula sa mga lamina na nahukay sa lupa," paliwanag niya.

Tinanggap ni Rhoda ang kopya ng aklat para basahin at ipakita sa kanyang asawa. Nang bumalik kalaunan si Samuel, sinabi ni Rhoda sa kanya na hindi interesado ang kanyang asawa, at hindi niya mabibili ang aklat. Malungkot na kinuha ni Samuel ang aklat at naghanda na siya sa pag-alis. Ikinuwento kalaunan ni Rhoda kay Lucy na napatigil si Samuel at tumingin sa kanya. "Noon lamang siya nakakita ng taong gayon tumingin," sabi ni Lucy sa kanyang mensahe sa kumperensya. "Alam niya na nasa kanya ang Espiritu ng Diyos."

"Pinagbawalan ako ng Espiritu na kunin ang aklat na ito," sabi ni Samuel kay Rhoda, na lumuhod at hiniling kay Samuel na samahan siyang manalangin. Kinuha niya ang aklat, binasa niya ito, at nagkaroon siya ng patotoo tungkol dito. Gayon din ang ginawa ng kanyang asawa kalaunan. Pinili nilang sumunod sa mga tuntunin nito hanggang sa huling sandali ng buhay nila.

"At sa gayon nagsimula ang gawain," patotoo ni Lucy, "at lumago ito tulad ng binhi ng mustasa."[10]

Si Rhoda Greene ay ninuno ko. Napalakas ako ng kanyang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon at ng mga nakatalang patotoo ng mga saksi at ng mga taong nakarinig sa kanila. Napalakas ako ng pagpili nila na mamuhay ayon sa mga turo ng Aklat ni Mormon.

Ang bawat isa sa atin ay maaaring maging makabagong saksi ng Aklat ni Mormon, kapag pinagtibay sa atin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng aklat. Bago ako magmisyon, natapos

kong basahin ang Aklat ni Mormon, pagkatapos ay lumuhod ako at nanalangin nang simple ngunit may tunay na layunin, matapat na puso, at pananampalataya kay Jesucristo (tingnan sa Moroni 10:3–4). Nakadama ako ng malakas na impresyon na nagsabing, "Alam mo nang ito ay totoo." Dumating ito nang payapa na hindi ko kailanman nanaising ipagkaila. Mula noon, alam kong totoo ang Aklat ni Mormon.

Gayunman, hindi iyon sapat. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: "Sa tuwing maririnig ko ang sinuman, pati na ang sarili ko, na nagsasabing, 'Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo,' gusto kong isigaw na, 'Maganda 'yan, pero hindi sapat!' Kailangan nating madama, sa 'kaibuturan!' ng ating puso, na ang Aklat ni Mormon ay di-maikakailang salita ng Diyos. Kailangang madama natin itong mabuti upang hindi natin naising mabuhay kahit isang araw nang wala ito."[11] Totoo ang mga itinuro ni Pangulong Nelson. Ang patuloy kong pagsisikap na mamuhay ayon sa mga turo ng Aklat ni Mormon ay naglapit sa akin sa Diyos nang higit kaysa sa anumang bagay. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona,* Nob. 2017, 63.
2. Liham ni Rebecca Swain Williams kay Isaac Swain, Youngstown, New York, Hunyo 12, 1834, iniayon sa pamantayan ang pagbabaybay. Tingnan ang transkripsyon at mga larawan ng liham sa Janiece Johnson, "Give Up All and Follow Your Lord," *BYU Studies,* tomo 41, blg. 1 (2002), 97–102.
3. Tingnan din sa Janiece Lyn Johnson, "Rebecca Swain Williams: Steadfast and Immovable," *Ensign,* Abr. 2011, 38–41.
4. Tingnan sa *The Journals of William E. McLellin: 1831–1836,* mga pat. Jan Shipps at John W. Welch, (1994), 29–33.
5. *The Journals of William E. McLellin,* 33, iniayon sa pamantayan ang pagpapalaki ng titik.
6. Sa *William E. McLellin's Lost Manuscript,* pat. Mitchell K. Schaefer (2012), 165–67.
7. Joseph Smith, sa Pambungad sa Aklat ni Mormon. Para sa pagsusuri ng turong ito, tingnan sa Scott C. Esplin, "Getting 'Nearer to God': A History of Joseph Smith's Statement," sa *Living the Book of Mormon: Abiding by Its Precepts,* mga pat. Gaye Strathearn at Charles Swift (2007), 40–54.
8. Sa Janiece L. Johnson, "'The Scriptures Is a Fulfilling': Sally Parker's Weave," *BYU Studies,* tomo 44, blg. 2 (2005), 116, 115.
9. Sa Johnson, "'The Scriptures Is a Fulfilling,'" 117.
10. Lucy Mack Smith, "This Gospel of Glad Tidings to All People," sa Jennifer Reeder at Kate Holbrook, mga pat., *At the Pulpit: 185 Years of Discourses by Latter-day Saint Women* (2017), 24.
11. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" 63.

Saang mga Lamina Nagmula ang Aklat ni Mormon?

Ang Aklat ni Mormon ay isinulat ng mga sinaunang propeta na nagtala ng kanilang mga salita sa iba't ibang uri ng metal na lamina. Ang mga talaang ito ay pinaikli kalaunan upang magawa ang mga lamina ni Mormon, o ang mga laminang ginto na isinalin ni Joseph Smith.

Talakayan

Kumpara sa lahat ng maaaring itinala sa mga laminang ginto, si Mormon at ang iba pa ay nabigyang-inspirasyon na pumili lamang ng isang maliit na bahagi para sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Mga Salita ni Mormon 1:5 at 3 Nephi 26:6). Paano maaaring makaimpluwensya ang kaalamang ito sa inyong pananaw tungkol sa mga kabanatang nasa Aklat ni Mormon ngayon? ■



ILLUSTRATION OF JOSEPH SMITH AND ANGEL MORONI [PAGLALARAWAN KAY JOSEPH SMITH AT SA ANGHEL NA SI MORONI] NI BRYAN BEACH

LINGGO 1

ENERO 6–12

1 Nephi 1–7

Ano ang Paglalarawan sa Jerusalem noong Panahon ni Lehi?

Ang kabisera ng kaharian ng Juda, na puno ng sabwatan at kasamaan sa pulitika. Ang nakalipas na dekada ay puno ng panganib. Ang mga hari ng Juda ay pinatay o binihag; sapilitang pinalakad ang mga Judio papunta sa Babilonia; ang mga propeta, tulad ni Jeremias, ay pinagbantaan at ibinilanggo. Dahil dito, hindi nakapagtataka na inutusan ng Panginoon si Lehi na tumakas (tingnan sa 1 Nephi 2:1–2).

MGA LARAWAN NG JERUSALEM, TUPA, AT PRUWAS MULA SA GETTY IMAGES

- POPULASYON: **25,000** (malaki ayon sa mga sinaunang pamantayan)
- KALUPAAN: disyerto, mayayabong na lambak, pababang kaburulan
- PERA: **tinitimbang** (pilak, tanso, ginto; walang barya)
- WIKA: **Hebreo**
- MGA MANGGAGAWA: mga panday, mangangalakal, alipin (itinuturing na miyembro ng pamilya); **marami ring magsasaka**
- PAGKAIN: prutas, tinapay, oliba, igos, nilaga
- KASUOTAN: **magaspang na lana, sandalyas;** puting damit para sa mga saserdote
- RELIHIYON: **tiwali, sumasamba sa mga diyus-diyusan;** ang mga bulaang propeta ay naghahayag ng kapayapaan; ang pag-ihip sa trumpetang gawa sa sungay ng tupa ay nagpapahayag ng pagdarasal sa araw-araw
- ISTRUKTURANG PANLIPUNAN: **patriyarkal,** kabilang ang *nakatatanda* ng lungsod, *mga pinuno* ng mga pamilya, at *ang mahuhusay,* o "kalalakihang isinilang sa kilalang angkan"
- MGA PAMILYA: ang mga sambahayan ay binubuo ng maraming **tahanan na nakapalibot sa isang patyo,** pinamumunuan ng ama. Kasama ang mga pamilya ng mga anak na lalaki, mga anak na babae at tiya na hindi kasal, at matatandang kamag-anak.
- MILITAR: **wala noong panahong iyon.** Sinumang sundalo ay taga-Babilonia, kung kanino nagbabayad ng buwis ang Juda. ■

LINGGO 2

ENERO 13–19

1 Nephi 8–10

Ano ang Kinakatawan ng Bunga sa Pangitain ni Lehi?

Sa pangitain ni Lehi, ano ang kinakatawan ng bunga, na "pinakakanais-nais sa lahat ng bagay"? (1 Nephi 11:22).

"Ang bunga ng puno ay simbolo ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala [ni Jesucristo]. Ang pagkain ng bunga ay sumasagisag sa pagtanggap ng mga ordenansa at tipan upang maging lubos na mabisa sa ating buhay ang Pagbabayad-sala" (David A. Bednar, "Panaginip ni Lehi: Paghawak nang Mahigpit sa Gabay," *Liahona*, Okt. 2011, 34).

Kabilang sa mga ordenansang ito ang binyag, kumpirmasyon, ang sakramento, ordenasyon sa priesthood para sa kalalakihan, at mga ordenansa sa templo.

Paghahanap sa Bunga

Ang gabay na bakal, o salita ng Diyos, ay umaakay sa atin patungo kay Jesucristo dahil ang mga banal na kasulatan at mga propeta ngayon ay nagaanyaya sa atin na makibahagi sa mga ordenansa at gumawa ng mga tipan at tumutulong sa atin na maunawaan ang mga turo, misyon, at sakripisyo ni Jesucristo.

- Anong mga salita mula sa mga banal na kasulatan o mula sa mga propeta ngayon ang umakay sa inyo patungo kay Jesucristo?

Pangangalaga sa Bunga

Sa pangitain ni Lehi, iniwan ng ilang tao ang bunga dahil sa panghahamak at panngungutya ng iba. Ang pangangalaga sa bunga ay pananatiling tapat sa ating mga tipan at pagpunta nang madalas sa mga lugar kung saan natin ginawa ang mga tipan.

Pagbabahagi sa Bunga

Matapos kainin ni Lehi ang bunga, ninais niyang ibahagi ito sa kanyang pamilya upang madama rin nila ang "labis na kagalakan" na nadama niya (1 Nephi 8:12).

- Paano ninyo maibabahagi ang inyong pagmamahal kay Jesucristo at matutulungan ang iba na makibahagi sa mga ordenansa? ■

THE TREE OF LIFE [ANG PUNUNGKAHOY NG BUHAY], NI MARCUS VINCENT, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM*TREE OF LIFE [PUNUNGKAHOY NG BUHAY]*, NI KAZUTO UOTA, © 2015 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.

LINGGO

3

ENERO 20–26

1 Nephi 11–15

Anong Malinaw at Mahahalagang Katotohanan ang Ipinanumbalik ng Aklat ni Mormon?

Sa isang pangitain, nakita ni Nephi na marami sa mga turo ng Biblia ang babaguhin sa paglipas ng panahon ngunit ang Diyos ay maghahanda ng para-an para maipanumbalik ang mga katotohanang iyon (tingnan sa 1 Nephi 13:26–40).

1 Ang Pagkahulog nina Adan at Eva ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 2:22–25).

2 Nabuhay tayo bilang mga espiritu bago ang buhay na ito, nag-aral at naghanda para sa buhay sa lupa (tingnan sa Alma 13:3).

3 Dinalaw ni Cristo ang mga tao sa sinaunang Amerika at itinatag Niya ang Kanyang Simbahan doon (tingnan sa 3 Nephi 11–26).



4 Ang pagbibinyag ay hindi kina-kailangan para sa mga sanggol dahil sila ay wala pang pananagu-tan (tingnan sa Moroni 8:10). ■

MGA GUHIT NI BRYAN BEACH

LINGGO 4

Sa Bahaging Ito

44 **Mas Mahalaga Kung Saan Ako Papunta Kaysa Kung Saan Ako Nanggaling**
Ni Richard Monson

Digital Lamang

Pagpili sa Kawalang-hanggan
Ni Evita Alabodi

Hindi Mo Maaaring Madaliin ang Pagsisisi
Ni Leah Barton

Paano Ako Nakabalik sa Landas Matapos ang Aking Hindi Planadong Pagbubuntis
Ni Jori Reid

Hanapin ang mga artikulong ito at ang iba pa:

- Sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org**
- Sa **Lingguhang YA** (sa ilalim ng bahaging Mga Young Adult sa Gospel Library)
- Sa **facebook.com/liahona**

Ibahagi ang Iyong Kuwento

May magandang kuwento ka bang maibabahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa ilang paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong artikulo o feedback sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org.**

Ang Pagsisisi ay Isang Kaloob

Sa palagay ko, kung minsan ay madali para sa mga young adult na maniwala na nakakatakot ang pagsisisi. Totoo na maaaring maging nakakatakot ang pag-amin sa nagawa nating kasalanan kung nangangamba tayo na maging sanhi ito para mawala ang pagmamahal sa atin ng mga taong mahal natin o ng ating Ama sa Langit. Kung ganyan ang iniisip natin tungkol sa pagsisisi, maaaring matukso tayo na magtapat ng "sapat lang" para makapasa sa tila pagsusulit na ito at makasulong sa susunod na antas. Gayunpaman, natutuhan ko mula sa aking karanasan na hindi ganoon **ang tunay na pagsisisi.** Ang pagsisisi ay hindi palaging madali, ngunit kung nauunawaan natin na **mahal tayo ng Panginoon at nais Niya tayong tulungan,** mapapawi ang takot sapagkat nananampalataya tayo sa Kanyang kapangyarihan na linisin tayo. Natutuhan ko na dahil nananampalataya ako kay Cristo sa pamamagitan ng pagsisisi, **hindi dapat madiktahan ng mga pagkakamali ko noon ang aking kasalukuyan o hinaharap** (basahin ang iba pa sa aking artikulo sa pahina 44).

Sa mga artikulong digital lamang, binigyang-diin ni Evita na **ang tunay na pagsisisi ay naghahatid sa atin ng pasasalamat para sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala** at nagpapalakas sa atin para mapaglabanan natin ang mga tuksong darating. Idinagdag ni Leah na hindi na natin kailangang hintayin pa ang sakramento sa Linggo—ang pagbaling sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsisisi araw-araw ay nagbibigay sa atin ng lakas para madaig kahit ang mga simpleng nakagawian natin na naglalayo sa atin mula sa Kanya. At kung nakagawa tayo ng mabibigat na kasalanan, sinabi ni Jori na ang proseso ng **pagsisisi ay maaaring magturo sa atin tungkol sa pagmamahal ng Tagapagligtas** para sa bawat isa sa atin.

Ang pagsisisi ay isang kaloob na ipinagpapasalamat kong nasa buhay ko. Alam ng Diyos na tao tayo at nakakagawa tayo ng mga maling pagpili kung minsan. Bagama't hindi tayo perpekto, **mayroong pag-asa** para sa atin. Kung magtitiwala tayo sa Tagapagligtas, tutulungan Niya tayong makabalik sa landas patungo sa ating Ama sa Langit—gaano man katagal abutin.

Nagmamahal,
Richard Monson

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

MGA YOUNG ADULT

Mas Mahalaga Kung Saan Ako Papunta

Kaysa Kung Saan Ako Nanggaling

Ni Richard Monson

Hindi nangyari ang inasam kong mangyari sa buhay ko.

Noong 18 taong gulang ako, inasam kong magmisyon, mag-asawa pagkatapos, at bumuo ng sarili kong pamilya sa edad na 25. Ngayon, 32 taong gulang na ako. Hindi ako nagmisyon, at hindi ako naging aktibo sa Simbahan sa loob ng mahabang panahon. Nag-asawa ako—nakipaghiwalay—at nag-asawa ulit.

Dahil gumawa ako ng mga pagpiling salungat sa mga kautusan, tila palagi kong nadarama na hindi ako nababagay sa simbahan. Gayunman, napagtanto ko na may lugar pa rin ako rito. Itinuro sa akin ng mga karanasan ko na totoo ang kapangyarihan ng Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala at na ang pinakamahalaga ay hindi kung saan ako nanggaling, kundi kung saan ako papunta.

Sa palagay ko, nag-alinlanganan ako noon sa aking paniniwala dahil pakiramdam ko ay hindi pa gaanong malakas ang aking patotoo para magmisyon. Naaalala ko na noong nagtapos ako ng hayskul ay parang ganito ang iniisip ko, *Paano kung ang patotoo ko ay hindi talaga sa akin? Paano kung masyado akong umaasa sa patotoo ng ibang tao?*

Nabalisa ako dahil dito. Gusto kong magmisyon, pero naisip ko kung sapat na ba ang aking mga espirituwal na karanasan para ako ay magkaroon ng mga katangian na inisip kong dapat mayroon ang isang matagumpay na misyonero—isang taong mayroong sapat na espirituwal na lakas at kaalaman tungkol sa ebanghelyo para makapagturo sa ibang tao.

Ilang beses akong gumawa ng mga pagpiling salungat sa mga kautusan, ngunit pagkatapos ng lahat ng iyon, natutuhan ko na totoo ang kapangyarihan ng Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Nagkamali ako sa pagkukumpara ng aking **espirituwal na kaalaman** sa iba.

Ngayong iniisip ko ito, alam kong dapat sana ay humingi ako ng tulong sa Diyos para maunawaan ang payo na ibinigay sa Doktrina at mga Tipan 124:97: "Siya ay magiging mapagpakumbaba sa harapan ko, . . . at siya ay makatatanggap ng aking Espiritu, maging ang Mang-aaliw, na siyang magpapakita sa kanya ng katotohanan ng lahat ng bagay, at ibibigay sa kanya, sa oras ding iyon, kung ano ang kanyang sasabihin."

Ngunit sa halip na magtanong sa Diyos, nagkamali ako sa pagkukumpara ng aking espirituwal na kaalaman sa iba, at natakot ako na ang mga kakulangan ko ay makahadlang sa pagtanggap ng mga tao sa ebanghelyo.

Sa pamumuhay nang mag-isa noong ako ay isang young adult, patuloy kong pinag-isipan kung ano ang pinaniniwalaan ko. Hindi ko naisip ang mga negatibong epekto ng mga bagay na nakita ko bilang mga desisyon na hindi nagpabago sa kung sino ako. Nagsimula akong lumayo sa mga taong mahal ko dahil alam kong madidismaya sila sa mga pinili kong gawin. Sa halip, nakisalamuha ako sa mga taong wala talagang pakialam sa mga ginagawa ko.

Isang araw, sinubukan kong uminom ng alak para malaman kung ano ang lasa nito. Ang pag-inom ng alak ay naging bahagi ng aking buhay at kalaunan ay ginamit ko hindi lamang bilang pampalipas-oras kundi pati na rin bilang takbuhan kapag may mga problema ako. Ang mga negatibong pagbabago sa buhay ko noong panahong iyon ay hindi lamang dahil sa isang maling pagpili; nangyari ang mga ito nang unti-unti. Dalawang taon ang lumipas bago ko napagtanto na ang maliliit na pagpiling ginawa ko sa paglipas ng panahon ay naglagay sa akin sa isang sitwasyong ayaw kong kasadlakan.

Ngayon, hindi ko sinasabi na upang malaman ang katotohanan ng ebanghelyo, dapat mong maranasan ang kabaligtaran. Ang mga ginawa ko ay nagdulot ng pighati hindi lamang sa akin kundi pati na rin sa mga taong mahal ko—karamihan sa pighating iyon ay hindi kinakailangang maranasan. Nagpapasalamat ako na nagpakumbaba ako para mapagtanto na (1) ako ay kaaba-aba, at (2) napakasaya ko noong sinusunod ko ang mga kautusan ng Diyos. Iyon ay isang bagay na alam ko sa aking sarili, isang bagay na sigurado akong totoo at maibabahagi ko sa iba.

Pinuntahan ko ang aking bishop para maituwid ang aking pagkakamali, at nagkikita kami palagi para maihanda ako sa pagmimisyon. Halos tapos na ang missionary application ko nang maramdaman ko na dapat kong tiyakin kung naunawaan niya ang ilan sa mga ginawa kong pagpili. Ang pag-uusap na iyon ay hindi naging madali, bagama't gusto kong magmisyon, gusto kong magsisi nang lubos. Handa akong managot sa pagkakamali ko at ipagtapat sa Kanya ang lahat para maging malinis ako.

Hindi nagtagal, humarap ako sa disciplinary council. Medyo natakot akong aminin kung ano ang ginawa ko sa harap ng mga tao na naging lider at guro ko nang maraming taon, ngunit nang ilibot ko ang aking mga mata sa silid, nakadama ako ng kapayapaan. Nakita ko na naroon sila upang unawain at tulungan ako. Sa pag-alis ko, ipinaramdam sa akin ng Espiritu na anuman ang maging desisyon, gagawin ko ang aking bahagi at magiging maayos ako. Tutulungan ako ng Diyos at ng mga lider na nagmamahal sa akin para mapunta ako kung saan ako nararapat mapunta. Umalis ako roon na dama ang pagmamahal ng Tagapaligtas at alam na tutubusin Niya ako.

Lugar para sa Pagkakamali

Sa kabila ng kapayapaang nadama ko, mahirap sagutin ang mga tanong ng mga tao kung bakit hindi ako natuloy magmisyon. Habang ipinagpapatuloy ko ang proseso ng pagsisisi sa tulong ng aking bishop, parang hindi ko na nakikita na magiging bahagi ng aking hinaharap ang pagmimisyon. Kinailangan kong pag-isipan kung paano ako magpapatuloy sa aking buhay. Sa edad na 21, dahil hindi ako kabilang sa grupo ng mga young adult na naghahandang magmisyon, tapos nang magmisyon, o may-asawa na, parang hindi ako nababagay kahit saan.

Nahirapan akong makipagdeyt. Kung minsan, nagiging iba ang tingin sa akin ng mga kadalagahan kapag sinasabi ko sa kanila na hindi ako nagmisyon at hindi ako naging aktibo sa Simbahan sa loob ng mahabang panahon. Sa anumang kadahilanan, karamihan sa mga nakadeyt ko ay hindi na nagpaunlak ng kasunod na deyt.

Masaya ako na kalaunan ay ikinasal ako sa templo, ngunit kung minsan ay nadarama ko pa rin na parang hindi ako nababagay kahit saan. May patotoo ako, pero hindi ko alam kung paano ko ito ibabahagi, at ang mga silid-aralan sa simbahan ay tila puno ng mga pagsusulit kung saan makikita ako ng mga kaklase ko na bumagsak. Naisip ko na dahil natamo ng karamihan sa kanila ang buhay na gusto ko, hindi sila gaanong nagkamali tulad ko.

Isang araw, kinausap ako ng bishop at tinatawag akong magturo sa elders quorum. Nagulat ako dahil dalawang beses lamang akong nakadalo sa elders quorum noong nakaraang taon. Sa kabila ng pangambang nadama ko, tinanggap ko ang pagtawag. Sa aking unang pagtuturo sa araw ng Linggo, nagsimula ako sa tila pinakakakaibang pagpapakilalang narinig nila:

"Kumusta, mga kapatid, ako si Richard Monson. Hindi ako nagmisyon at hindi ako naging aktibo sa Simbahan sa loob ng mahabang panahong. Hindi ako gaanong dumadalo sa elders quorum dahil hindi ko damang nababagay o nararapat ako rito. Hindi ko masasagot ang lahat ng inyong mga tanong, pero umaasa ako na makikibahagi kayo para magkakasama tayong matuto. Kung ayos lang sa inyo ang aking sitwasyon, magsimula na tayo."

Napagtanto ko noong araw na iyon na kaya kong aminin sa iba—at sa aking sarili—na bagama't hindi ko itinuturing ang aking sarili na isang "taong matwid" (isang taong nagmisyon, aktibo sa Simbahan buong buhay niya, at hindi nakagawa ng mabibigat na pagkakamali), pareho lang ang mga mithiin namin sa buhay, at iyon ang mahalaga. Laking gulat ko nang nalaman ko na hindi lang isa sa mga kalalakihang ito, na inakala kong perpekto ang mga buhay, ang nakagawa rin ng maraming

Napagtanto ko na bagama't hindi ko itinuturing ang aking sarili na isang "taong matwid," **pareho lang ang mga mithiin namin sa buhay**, at iyon ang mahalaga.

pagkakamali. Sa palagay ko, pinagtibay nito sa aming lahat na hindi kailangang perpekto ka para makapag-ambag sa klase o sa buong Simbahan.

Mahihirap na Panahon at Isang Desisyon

Sa kasamaang palad, hindi nagtagal ang pagiging aktibo ko sa Simbahan. Mahirap ang naging pagsasama naming mag-asawa, at bumalik ako sa dati kong masasamang bisyo para takasan ang sakit na nararamdaman ko. Naglibang ako sa halip na magsimba.

Paglipas ng tatlong taon, pakiramdam ko ay nasa pinakailalim na ako. Kinailangan kong pumili. Maaari ko bang ipamuhay ang ebanghelyo sa kabila ng mga nangyari sa buhay ko? O magpapadaig na lang ba ako sa mga tukso? Alam ko na ang pagtahak sa makipot at makitid na landas ay nangangahulugang kailangan kong alisin ang masasamang impluwensya sa aking buhay. Bukod pa roon, ang hangarin kong bumalik sa simbahan ay nagpakita na magkaiba ang gusto naming mag-asawa. Sa kalagayan ng aming pagsasama noong panahong iyon, papunta na kami sa hiwalayan.

Natakot ako. Walang garantiya na ang mga pagsisikap ko ay magbibigay sa akin ng mababuting bagay na nais ko sa buhay na ito. Ngunit tumibay ang pasiya ko dahil sa natutuhan ko noon—na napakasaya ko noong ipinapamuhay ko ang ebanghelyo. Nagpasiya akong maging tapat nang lubusan at sumunod sa mga kautusan ng Diyos, anuman ang mangyari. Sa nalalabing panahon ng buhay ko, magtitiwala ako sa Kanya.

Muli akong bumalik sa simbahan at gumawa ng mababuting pagpili. Isa sa pinakamasayang araw ng buhay ko ay noong makatanggap ulit ako ng temple recommend. Nakadama ako ng kapanatagan sa loob ng templo habang ang pagsasama naming mag-asawa ay patuloy na hindi naging maganda at sa huli ay nagwakas rin.

Paghanap sa Pinagmumulan ng Aking Pagpapahalaga sa Sarili

Kahit may pangamba ako sa desisyong sumunod ulit sa mga kautusan, sa pamamagitan ng karanasang iyon ay natutuhan kong pahalagahan ang impluwensya ng Diyos sa aking buhay. Bagama't nagkamali ako, maaari pa rin akong magbago at gumawa ng tama. Hindi ako nakikipagkumpetensya sa sinuman. Noong umasa ako sa Tagapagligtas para sa aking pagpapahalaga sa sarili, hinayaan ko na kung ano ang tingin ng mga tao sa akin.

Panatag na akong nakakaupo nang mag-isa sa simbahan o sa gitna ng mga miyembro na nasa iba't ibang yugto ng kanilang buhay. Nagsikap akong huwag magtago at nakipag-usap ako sa mga miyembro ng aming ward. Nasiyahan ako sa pagdalo sa aking mga miting para sa mga layunin nito.

Ang pagkakaroon ng kapayapaang iyon ay nakatulong din sa akin na makipagdeyt ulit. Karamihan pa rin sa mga nakadeyt ko ay hindi na nagpaunlak ng kasunod na deyt, ngunit alam ko na ngayon na hindi ko kailangang ibaba ang aking mga pamantayan dahil lang nagkamali ako noon. Ipinamuhay ko ang ebanghelyo sa abot ng aking makakaya, at sapat na iyon para maideyt ko ang mga taong ginagawa rin ang lahat ng makakaya nila para maipamuhay ang ebanghelyo.

Sa huli ay nakatagpo ako ng isang karapat-dapat na anak ng Diyos na pinakasalan ko sa templo. Ibang-ibang ang naging buhay niya sa akin, ngunit pagdating sa pagmamahal sa Tagapagligtas at pagunawa sa Kanyang Pagbabayad-sala, pareho kami ng nadarama.

Sa paglipas ng mga taon, natutuhan ko na hindi ko dapat hayaang madiktahan ng aking nakaraan o ng tingin ng ibang mga tao ang aking pagpapahalaga sa sarili. Iwinaksi ko na ang ideya na matagumpay lamang ang aking buhay kung perpekto ito. Hindi lahat ng tao ay natutuwa sa kinalalagyan ko ngayon dahil sa paraan kung paano ko ito narating, pero ayos lang iyon. Hindi ko mithiing kumbinsihin sila. Ang mithiin ko ay patuloy na magsisi at mas mapalapit sa Tagapagligtas. Dahil sa Kanya, tulad ni Nakababatang Alma pagkatapos ng kanyang pagsisisi, "hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan" (Alma 36:19). Nakakaramdam ako ng kapayapaan dahil alam ko na mas mahalaga kung saan ako papunta—patungo sa Tagapagligtas. ■

*Si **Richard Monson** ay nakatira sa Utah, USA, at nagtatrabaho bilang isang software development project manager. Gustung-gusto nilang mag-asawa ang pagsakay sa motorsiklo, paglalakbay, at pagluluto nang magkasama sa kanilang libreng oras.*

Bagama't nagkamali ako, maaari pa rin akong magbago at gumawa ng tama. **Hindi ako nakikipagkumpetensya sa sinuman.**

Talagang nagustuhan ko ang pakikibahagi sa Mga Bata at Kabataan

dahil ako ang nagtatakda ng mga sarili kong mithiin na nais kong isakatuparan.

Para sa isa sa mga mithiin ko, pinili kong hanapin ang mga pangalan ng aking mga yumaong kapamilya at mabinyagan para sa kanila. Maraming dapat matutuhan para magawa ang family history, pero napakasaya ko tuwing makakahanap ako ng bagong pangalan na dadalhin sa templo.

Nang matutuhan ko kung paano ito gawin, hindi ko na ito tinigilan dahil napakasaya nito. Kalaunan, masyado nang marami ang naipon kong pangalan kaya kinailangan kong magpatulong para magawa ang mga ordenansa para sa kanila. Kaya nagpunta kami ng mga pinsan ko sa templo dala ang mga pangalang nahanap ko, at magkakasama naming ginawa ang binyag at kumpirmasyon para sa 172 tao.

Tinatapos naman ng mga magulang ko ang iba pang mga ordenansa sa templo para sa mga taong iyon, na nakakatuwa dahil pakiramdam ko ay tila nasa iisang pangkat ang aking buong pamilya! Ang aming mithiin ay tulungan ang mas marami pa sa aming mga ninuno sa abot ng aming makakaya.

Ang paggawa ng family history ay nakatulong sa akin na mas mapalapit sa aking mga kapamilyang nabubuhay pa at mga ninunong namayapa na. Masaya ako na natupad ko ang aking mithiin, at hangarin ko ngayon na makapagtakda ng isang mas mahirap na mithiin para mas marami akong maisakatuparan.

Eldon M., edad 13, Ohio, USA

LARAWANG KUHA NI RANDY COLLIER

MGA KABATAAN

SA BAHAGING ITO



hahayo at gagawin

52 **Mga Bata at Kabataan: Sentro ng Pang-araw-araw na Buhay**
Nina Heather Bergeson at Amanda Dunn

56 **Hahayo at Gagawin**
Ng Mga Young Women at Young Men General Presidency

59 **Paggamit ng Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon**
Ni Symmony Ann Park

60 **Awitin ng Tema ng mga Kabataan para sa 2020: Hahayo Ako at Gagawin**
Ni Nik Day

64 **Ang Huling Salita: Humayo at Gumawa nang May Tiwala sa Diyos**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

MGA BATA at KABATAAN:

Sentro ng Pang-araw-araw na Buhay

Nina Heather Bergeson at Amanda Dunn
Mga Magasin ng Simbahan

Maaaring nagtataka ka dahil walang detalyadong listahan ng mga mithiin na dapat mong gawin sa Mga Bata at Kabataan. Marami ka nang magagandang bagay na ginagawa! Sa halip, ang inisyatibong ito ay ginawang mas personal para matulungan ka na mas mapalapit sa Tagapagligtas sa mga paraang nakaayon sa iyong mga sariling pangangailangan at interes.

Ang pangunahing layunin ng Mga Bata at Kabataan ay tulungan ka na palakasin ang iyong pananampalataya kay Jesucristo. Itinuro sa atin ng Lucas 2:52 na noong bata pa si Jesucristo, Siya ay lumaki "sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao." Siya ay namuhay nang balanse sa lahat ng aspeto, at magagawa mo rin iyon. Sa pamamagitan ng pagtutuon sa espirituwal, pakikisalamuha, pisikal, at intelektuwal na aspeto ng iyong buhay, maaari kang maging higit na katulad ng Tagapagligtas.

PAANO ITO ISASAGAWA

Hinihikayat ka ng Mga Bata at Kabataan na umunlad sa espirituwal, sosyal, pisikal, at intelektuwal sa pamamagitan ng pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod at mga aktibidad, at personal na pag-unlad.

MGA LARAWANG KUHA NI RANDY COLLIER



PAG-AARAL NG EBANGHELYO

Tulad ng Tagapagligtas na "[lumaki] sa karunungan" (Lucas 2:52), maaari ring madagdagan ang iyong kaalaman at pag-unawa sa ebanghelyo. Bawat aliituntunin ng ebanghelyo na natutuhan mo ay tutulong sa iyo na malaman kung paano ka mapapalakas at mapapagpala ng Tagapagligtas sa lahat ng aspeto ng iyong buhay.

Marami tayong mga sanggunian na magagamit para mas matuto pa tungkol sa mga aliituntunin ng ebanghelyo at maging katulad ng Tagapagligtas. Halimbawa, ang panalangin, ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at ang Espiritu ay naglalaan ng pundasyon. Matutulungan ka ng iyong pamilya at ng mga lider ng Simbahan na mas matuto pa tungkol sa Tagapagligtas. Ang kurikulum ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* at ang seminary ay makakatulong na magabayan ang iyong pag-aaral. Kapag ginamit mo ang iyong mga resource para matuto tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo, mas mapapalapit ka sa Kanya.

PAGLILINGKOD AT MGA AKTIBIDAD

Ang paglilingkod sa kapwa ay isa sa mga pangunahing bagay na ginawa ng Tagapagligtas noong narito Siya sa lupa. Sa pamamagitan ng paghahanap ng mga simple at karaniwang paraan upang matulungan ang mga miyembro ng iyong pamilya at komunidad, tinutularan mo ang Kanyang halimbawa at nagiging mas determinado ka na maging higit na katulad Niya.

Ang mga makabuluhang aktibidad ng grupo ay makakatulong sa iyo at sa iba pang mga kabataan na makahanap ng mga paraan para mapaglingkuran ang iba at magkakasamang umunlad sa espirituwal. Ang masasaya at nagbibigay-siglang aktibidad ay makakabuti sa iyo. At kapag kayo ay magkakasamang nagtitipon bilang isang grupo ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw, kadalasan ay mas marami kang natututuhan at nagagawa kaysa kapag mag-isa ka lang.

PERSONAL NA PAG-UNLAD

Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay lubos na nagmamalasakit sa iyo at sa kahihinatnan mo. Habang nagtatakda ka ng mga mithiin para maging uri ng tao na nais ng Ama sa Langit na kahinatnan mo, mapapalapit ka sa Kanya at sa Kanyang Anak.

Ang mga tao ay magkakaiba, kaya dapat ang iyong mga mithiin para sa personal na pag-unlad ay nakaayon sa iyong mga pangangailangan. Halimbawa, kung gusto mong matutong tumugtog ng mga himno sa piano, maaari kang magtakda ng mithiin na mag-ensayo araw-araw. Kung gusto mong maging mas mahusay sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, maaari kang magtakda ng isang partikular na oras bawat araw para magbasa. Hangarin ang patnubay ng Espiritu para makagawa ng plano na pinakamainam para sa iyo.



ANG MGA BATA AT KABATAAN AY PARA SA *IYO*

Ang taong nakikinabang nang husto ay ikaw! Habang nagtatakda ka ng iyong sariling mithiin para pag-aralan at ipamuhay ang ebanghelyo, makibahagi sa paglilingkod at mga aktibidad, at paunlarin ang iyong sarili, marami kang matutuklasan tungkol sa iyong sarili at malalaman mo kung sino ka talaga. Maaaring maging mahirap ang pagsisikap na maging disipulo ni Jesucristo, ngunit ito ang pinakamakabuluhang mithiin na maitatakda natin para sa ating mga sarili.

DETALYE MULA SA *BESIDE STILL WATERS [SA SIPING NG MGA TUBIG NA PAHINGAHAN]*, NI SIMON DEWEY

ISINAGAWA NG KAMBAL NA MAGKAPATID NA BABAE ANG MGA BATA AT KABATAAN

Nakikita na ng mga kabataang tulad mo ang mga pagpapala na dulot ng pagsisikap na maging higit na katulad ni Jesucristo sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang kambal na magkapatid na babae na sina Danika at Natasha R., 15, mula sa Ohio, USA, ay nagpasiyang gawin iyon. Ang ama nila ay mula sa Thailand, at dahil kung minsan ay binibisita nila ang kanilang kapamilya roon, nagpasiya sina Danika at Natasha na pag-aralan ang tungkol sa pagkain at wika ng mga taga-Thailand.

Nagtakda si Danika ng mithiin na matutong magluto ng ilang pagkain ng mga taga-Thailand. Namili siya ng mga sangkap at gumamit ng mga bagong paraan sa pagluluto kasama ang kanyang ama. Gusto ni Natasha na matuto ng wikang Thai para makausap niya ang kanyang kapamilya sa Thailand, kaya nagtakda siya ng mithiin na mag-aral ng isang bagong salitang Thai kada araw. Gumamit siya ng isang website para matulungan siya sa pag-aaral ng wika at nag-ensayo ng pagbigkas ng mga salita kasama ang kanyang ama.

Habang isinasakatuparan nina Danika at Natasha ang kanilang mga mithiin, ninais nilang ibahagi ang natutuhan nila sa iba pang young women sa kanilang ward. Tinulungan sila ng kanilang mga lider na mag-organisa ng isang aktibidad para malaman ng iba ang tungkol sa Thailand. Sa aktibidad, ipinagluto sila ni Danika ng pagkain ng mga taga-Thailand habang tinuruan naman sila ni Natasha ng ilang salitang Thai.

Isinama rin ng magkapatid sa aktibidad ang kanilang kaibigang si Grace. May sariling mithiin si Grace na maging mas mahusay sa pagsasalita sa harap ng maraming tao, kaya siya ang nagturo kung paano gumamit ng chopsticks para makain nila ang kanilang pagkain!

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kanilang mga mithiin at pakikipagtulungan sa kanilang mga lider at sa iba pang mga young women, nakapagplano sina Danika at Natasha ng isang masayang gabi kasama ang kanilang mga kaibigan.

MGA PAGPAPALA NG PAKIKIBAHAGI SA MGA BATA AT KABATAAN

Ibinahagi nina Danika at Natasha na nakatanggap sila ng maraming pagpapala sa pagsisikap na matuto tungkol sa kanilang pinanggalingan at pagdiriwang nito kasama ang kanilang pamilya at ang iba pang young women. Hindi naging madali ang ginawa nila. Paliwanag ni Natasha, "Sa paaralan ako nag-aaral ng wikang Thai, kaya kung minsan ay mahirap maghanap ng oras para rito." Dagdag ni Danika, "Sa aktibidad, medyo nahirapan akong magluto nang ako lang mag-isa dahil wala ang ama ko roon." Ngunit parehong sumang-ayon ang magkapatid na kahit mahirap, sulit ito.

Sabi ni Danika, "Masaya ako na nakasama ko ang aking ama, at nakatulong iyon sa akin na mas mapalapit sa aking pamilya." Paliwanag din niya, "Ang paggawa at pagtupad ng aking mga personal na mithiin ay nakatulong para mas mapalapit ako kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagbibigay sa akin ng isang malinaw na landas na tatahakin para matulungan ang aking sarili at ang iba. Sa halip na umupo lamang gaya noong ilang gabi, nagkaroon ako ng mga pamantayan na susundin at patuloy na isasabuhay, at nagbigay iyon sa akin ng mas maraming oras para magnilay-nilay tungkol kay Cristo."

Sinabi ni Natasha na ang paggawa at pagtupad ng kanyang mithiin ay "talagang nagpaisip sa akin nang malalim tungkol sa kung ano ang kinakailangan at gusto kong gawin para mas mapalapit kay Cristo." Sinabi rin niya na bagama't may bagong mithiin na siyang pagtutuunan, nahikayat siyang ipagpatuloy ang pag-aaral ng wikang Thai: "Ang orihinal kong mithiin ay matuto ng wikang Thai para makausap ko ang aking kapamilya sa Thailand, kaya nais kong ipagpatuloy ang pag-aaral ng wikang Thai para makausap ko sila."

Ang balanseng paraan nina Danika at Natasha sa kanilang personal na pag-unlad ay nakatulong sa kanila na matuto tungkol sa kultura ng kanilang ama, magsaya kasama ng kanilang mga kaibigan, at mas mapalapit sa kanilang pamilya at Tagapagligtas—at iyon mismo ang layunin ng Mga Bata at Kabataan.

Ang iyong pakikilahok sa Mga Bata at Kabataan ay makakatulong din para gumanda ang samahan ninyo ng iyong pamilya, ng iba pang mga kabataan at miyembro ng ward, at lalo na ng Tagapagligtas habang sinisikap mong maging pinakamabuting bersyon ng iyong sarili. ■

Mga Mungkahi para sa Pakikibahagi sa Mga Bata at Kabataan

Ang pinakamainam na paraan para umunlad ka ay manalangin at gawing personal ang iyong mga mithiin upang maging epektibo ito sa iyo, sa iyong pamilya, at sa iyong kalagayan. Narito ang ilang mungkahi:

1. **Maghangad ng Personal na Paghahayag**
   Gagabayan ka ng Ama sa Langit kapag naghangad ka ng inspirasyon at sinunod mo ito.
2. **Hindi Lamang sa Simbahan**
   Mapapakinabangan mo nang husto ang Mga Bata at Kabataan kung magpaplano ka na umunlad sa lahat ng aspeto ng iyong buhay, hindi lamang sa mga miting at aktibidad ng simbahan.
3. **Isama ang Iyong Pamilya**
   Matutulungan ka ng iyong pamilya sa pagsasakatuparan ng iyong mga mithiin at pagsubaybay sa iyong pag-unlad.
4. **Gamitin at Ibahagi ang Iyong Natutuhan**
   Kapag ibinahagi mo ang iyong natutuhan sa iyong pamilya, mga kaibigan, at iba pa, tumutulong ka na matupad ang kautusan ng Panginoon na ipalaganap ang ebanghelyo at tipunin ang nakalat na Israel.



hahayo at gagawin

Kumilos nang may Pananampalataya

Ng Young Women General Presidency

Ang tema natin ngayong taon ay nakasentro sa mga salitang "hahayo . . . at gagawin," isang matapang na pahayag na ibinigay ng matapat na propeta sa Aklat ni Mormon na si Nephi sa 1 Nephi 3:7. Ngunit marahil ang bahaging nagbibigay ng kapanatagan sa talatang ito ay ang pagtuturo ni Nephi na ang Panginoon ay laging "maghahanda ng paraan" para maisagawa ang Kanyang gawain.

Ang paniniwala na maghahanda ng paraan ang Diyos para sa iyo ay nangangailangan ng malaking pananampalataya. Alam ni Nephi na kung may ipagagawa sa kanya ang Diyos, tutulungan din siya ng Diyos na magawa iyon. At alam natin na dahil sa pananampalataya at pagtitiwala ni Nephi sa Panginoon, matagumpay niyang nakuha ang mga laminang tanso.

Tulad ni Nephi, maaari tayong magkaroon ng pananampalataya na "[humayo] . . . at [gumawa]." Maaaring hindi mo palaging nauunawaan kung bakit ipinapagawa ng mga lider ng Simbahan o ng iyong mga magulang ang isang bagay o kung bakit nagbibigay ang Espiritu Santo ng pahiwatig na gawin mo ang isang bagay. Kung minsan, tila wala itong kabuluhan o imposible itong gawin. Ngunit "walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan" (Lucas 1:37). Kapag sumulong ka nang may pananampalataya, makikita mo na palaging may dahilan at plano ang Diyos.

Hindi kailanman magpapagawa sa iyo ang Diyos ng isang bagay na alam Niyang hindi mo kayang gawin. Hindi Siya magbibigay ng isang gawain na hindi mo kakayanin. Ngunit maaari Siyang magpagawa ng isang bagay na nangangailangan ng malakas na pananampalataya at pag-asa sa patnubay ng Espiritu.

Ang susi sa pagtatamo ng pananampalataya na "[humayo] . . . at [gumawa]" ay pagtitiwala. Kapag nagtitiwala ka sa Panginoon, nagtitiwala ka na tutulungan ka Niyang maisakatuparan ang bawat gawain. Isipin mo—ipinadala ka sa mundo sa panahong ito dahil handa ka at may kakayahan kang isakatuparan ang gawain ng Panginoon ngayon dito. Pinili kang mabuhay sa panahong ito dahil nagtitiwala ang Panginoon sa iyo.

Malalaking pagpapala ang matatanggap mo sa pagkilos nang may pananampalataya at pagtitiwala. Malalaman mo ang iyong identidad at layunin sa mas dakilang paraan; madaragdagan ang tiwala mo kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala; at matutuklasan mo na, sa tulong ng Panginoon, sapat ka na. ■

Maging Katulad ni Nephi

Ng Young Men General Presidency

Nang sabihin ni Nephi sa kanyang ama, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon” (1 Nephi 3:7), nagbigay siya sa atin ng magandang halimbawa ng pananampalataya at masigasig na pagsunod. Ang determinasyon ni Nephi na humayo at gumawa ay nagmula sa dalawang mahalagang katangian na maaari ring magkaroon tayong lahat: ang kanyang personal na patotoo tungkol sa Panginoon at sa Kanyang mga propeta, at ang kanyang espirituwal na katatagan.

Pagkakaroon ng Patotoo

Naging masunurin si Nephi dahil naghangad at nagkaroon siya ng sariling patotoo tungkol sa mga kautusan ng Panginoon sa kanyang ama (tingnan sa 1 Nephi 2:16–20). Alam niya na mahihirapan silang kunin ang mga laminang tanso. Ngunit hindi tulad ng kanyang mga kapatid, alam niya na ang Panginoon ay tutulong sa kanya at maghahanda ng paraan para sa kanila upang maisagawa nila ito.

Ang pananampalatayang ito sa Diyos at sa Kanyang propeta ang nagpala at nagpatatag kay Nephi buong buhay niya at tumulong sa kanya na maisagawa ang mga imposibleng bagay. Tulad ni Nephi, makakagawa tayo ng mga dakilang bagay sa ating buhay habang pinagsisikapan nating sundin ang mga payo ng mga buhay na propeta, mga pahiwatig ng Espiritu Santo, at mga banal na kasulatan. Halimbawa, inutusan tayo ng propeta ng Panginoon ngayon na si Pangulong Russell M. Nelson na tumulong sa pagtitipon ng Israel at paghahanda para sa pagbabalik ng Tagapagligtas.[1]

Habang tayo ay nag-aaral ng salita ng Diyos at sumusunod dito, lalakas ang ating pananampalataya at makadarama tayo sa ating puso ng determinasyong patuloy na maging masunurin, kahit alam nating mahirap ang mga bagay-bagay.

Pagkakaroon ng Espirituwal na Katatagan

Nagtuturo rin sa atin ang halimbawa ni Nephi tungkol sa katatagan na katangian ni Cristo—pagsisikap na mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa halip na iwasan ang paggawa sa mga inuutos ng Panginoon. May mga pagkakataon sa buhay nating lahat na inuutusan tayong gumawa ng mahihirap at mabibigat na bagay. Sa mga sitwasyong iyon, kung magtitiwala tayo sa ating pananampalataya kay Cristo at pipiliin natin ang “tama na mas mahirap gawin sa halip na ang mali na mas madaling gawin,”[2] tayo ay pagpapalain.

Kapag naharap ka sa mahirap na desisyon o gawain, ang pagtataglay ng ugaling “hahayo at . . . gagawin” ay makakatulong sa iyo na magpatuloy. Ipinapakita sa Panginoon ng iyong matapat na pagtugon sa patnubay na natanggap mo na ikaw ay maaasahan Niya at palalakasin Niya ang pananampalataya mo kay Jesucristo.

Habang matapat kang nagsisikap na magkaroon ng patotoo, espirituwal na katatagan, at ugaling “hahayo at . . . gagawin,” pagpapalain ka ng Panginoon, palalakasin ka Niya, at susuportahan ka ngayong taon at buong buhay mo. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pag-asa ng Israel” (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeOfIsrael.ChurchofJesusChrist.org.
2. Thomas S. Monson, “Mga Pagpili,” pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2016.

Paggamit ng Kapangyarihan ng **AKLAT** *ni* **MORMON**

Ni Symmony Ann Park

Habang nasa misyon ako sa Pilipinas, nagturo kaming magkompanyon ng isang matinding aralin tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon araw-araw. Sa dulo ng aming pagtuturo, nagbahagi ang kompanyon ko ng isa sa pinakamalakas na patotoo tungkol sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan na narinig ko. Nagpatotoo siya na ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay nagdagdag ng bagong lakas sa kanyang buhay na hindi niya kayang ipaliwanag.

Walang alinlangan na ang karanasan niya sa Aklat ni Mormon ay nagpabago ng kanyang buhay, at gusto ko ring maranasan iyon para sa aking sarili.

Nagpasiya ako noong gabing iyon na basahin ulit ang Aklat ni Mormon. Mula sa simula.

Nag-ukol ako ng mahabanag oras sa pagdarasal at pagpapaliwanag sa Diyos na gusto kong maranasan ang pagbabago at kapangyarihan na nagmumula sa Espiritu Santo.

Ang sagot na natanggap ko ay: Magbasa ka. Magbasa ka lamang.

Kaya iyon nga ang ginawa ko. Sinimulan ko ang pagbabasa nang may panibagong determinasyon. Pinagtuunan ko ang bawat talata, kabanata, at pahina. Habang nagbabasa ako, nakahanap ako ng mga talatang sumasagot sa mga tanong ko, pumapawi sa aking mga alalahanin, at tumutulong na mapagaan ang mga pasanin ng mga tinuturuan namin.

Makalipas ang humigit-kumulang isang buwan, napagtanto ko na may nagbabago sa kaibuturan ng aking puso. Nadagdagan ang kakayahan kong magmahal ng aking kapwa; nagkaroon ako ng higit na pag-asa para sa hinaharap; naging mas masipag ako at nakapagtrabaho ako nang mas matagal araw-araw; mas nakatuon ako sa gawain; at nagsimula akong makadama ng labis na kagalakan.

Isang araw sa aking pag-aaral, nabasa ko ang isang pahayag mula kay Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), dating Pangulo ng Simbahan: "May kapangyarihan sa [Aklat ni Mormon] na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. . . . Kapag nagsimula kayong magutom at mauhaw sa mga salitang iyon, makikita ninyo na lubos na sasagana ang buhay."[1]

Sa patuloy kong pag-aaral, nagsimula kong maunawaan kung ano ang ibig niyang sabihin. Nakita ko na *lubos* na sumagana ang buhay.

Ngayong iniisip ko ito, naniniwala ako na isa sa mga dahilan kung bakit naging kompanyon ko ang misyonerong iyon ay para marinig ko ang kanyang patotoo noong gabing iyon. Naramdaman ko na tila lahat ng mabubuting bahagi ng buhay—pagmamahal, pag-asa, pagtitiwala, pagsusumikap, determinasyon, at kagalakan—ay nadagdagan.

Nagkaroon ng bagong liwanag sa aking buhay, at alam ko na totoo ito. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.

Paano Mo Magagamit ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon sa Iyong Buhay?

1. **Magbasa araw-araw.**
2. **Mag-aral ayon sa paksa.**
3. **Gamitin ang manwal sa pag-aaral.**
4. **Talakayin ito sa iba.**

"Ipinangangako ko na sa mapanalanging pag-aaral ng Aklat ni Mormon *araw-araw,* makagagawa kayo ng mas maiinam na desisyon—*sa araw-araw*."[2]

MGA TALA

1. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Ensign,* Nob. 1986, 7.
2. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona*, Nob. 2017, 62.

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Hahayo Ako at Gagawin

Awitin ng Tema ng mga Kabataan para sa 2020



© 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.


13
sa - ning ma - bi - gat, pag - pa - pa - la - in, Kan - yang u - tos su - sun -
bi - bi - gay sa 'kin ng ka - la - ka - san Kan - yang u - tos su - sun -
Bm7 A E Bm7
16
din.
din.
Ha - ha - yo a - ko, Ma - ni - nin - di - gan. Ka - hit mun - do'y
D A C♯m
19
lu - ma - yo, Siya'y la - la - pi - tan ko. At kung Siya ay su - sun - din, at ma - na - na -
F♯m D A
22
To Coda
lig; Pa - sa - nin ko'y ga - ga - an, lan - das i - la - la - an. Siya ang mag - la - la -
C♯m F♯m D


25
1.
2.
an.
an.
u-pang dis-yer-to'y ma-ta - wid, pa-ti ang ka - ra-ga-
25
A
E
F♯m
28
tan. Kung d'un a - ko i - su - go, Pla - no Niya'y su - sun -
28
E7
A
30
din, Kan-yang u - tos a - king su-sun - din, at sa lu - pang pa-nga-ko,
30
D
E
32
a - ko'y da - dal - hin.
Ha - ha - yo a - ko, Ma - ni - nin - di -
32
Bm7
D
E
A


D.S. al Coda
36
gan. Ka - hit mun-do'y lu - ma - yo, Siya'y ta - tang - ga - pin ko. At kung Siya ay
C♯m
F♯m
D
CODA
39
an. Siya ang mag - la - la - an.
A
C♯m
F♯m
42
Sa - an man mag - pun - ta,
D
A
44
di ako nag - i - i - sa. Ta - ga - pag - lig - tas ang ka - sa - ma.
C♯m
F♯m
D

Humayo at Gumawa nang May Tiwala sa Diyos

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Napukaw ng batang si Nephi sa Aklat ni Mormon ang hangarin nating magkaroon ng tiwala sa Panginoon na sundin ang Kanyang mga utos. Naharap si Nephi sa panganib at muntik nang mamatay nang sabihin niya itong mga salita ng pagtitiwala na maaari at kailangan nating palaging madama sa ating puso: "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila" (1 Nephi 3:7).

Ang pagtitiwalang iyon ay bunga ng pagkakakilala sa Diyos. Kumpara sa iba pang mga tao sa mundo, nadama natin, sa pamamagitan ng maluwalhating Pagpapanumbalik ng ebanghelyo, ang pasasalamat para sa mga inihayag ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili para magtiwala tayo sa Kanya.

Para sa akin, nagsimula ito noong 1820 sa isang batang lalaki na nasa kakahuyan sa isang bukirin sa estado ng New York. Ang batang lalaki, si Joseph Smith Jr., ay lumakad tungo sa isang liblib na lugar at lumuhod upang manalangin nang may buong tiwala na sasagot ang Diyos. Sa tuwing mababasa ko ang kanyang kuwento, lumalago ang aking tiwala sa Diyos at sa Kanyang mga tagapaglingkod:

"Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

". . . Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).

Inihayag ng Ama sa atin na Siya ay buhay, na si Jesucristo ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, at na sapat ang Kanyang pagmamahal para isugo ang Kanyang Anak upang iligtas tayo. At dahil may patotoo ako na tinawag Niya ang batang iyon bilang propeta, nagtitiwala ako sa Kanyang mga apostol at propeta ngayon at sa mga taong tinawag nilang maglingkod sa Diyos.

Ipinapakita ninyo ang inyong tiwala sa Diyos kapag nakikinig kayo na taglay ang hangaring matuto at magsisi at pagkatapos ay humayo at gawin kung anuman ang hinihiling Niya. Kung sapat kayong nagtitiwala sa Diyos upang pakinggan ang Kanyang mga mensahe ng paghimok, pagtutuwid, at paggabay mula sa Kanyang mga tagapaglingkod, matatagpuan ninyo ang mga ito. At kung hahayo kayo at gagawin ang ipinagagawa Niya sa inyo, lalaki ang kapangyarihan ninyong magtiwala sa Kanya, at darating ang panahon na mapupuspos kayo ng pasasalamat na malaman na napagkatiwalaan na Niya kayo. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2010.

hahayo at gagawin

"At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa aking ama: Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila."

1 NEPHI 3:7

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

MGA YOUNG ADULT

HANDA KA NA BA PARA SA ISANG BAGONG SIMULA?

Ibinahagi ng mga young adult ang kanilang mga kuwento tungkol sa pagsisisi at pagbaling sa Tagapagligtas.

42

MGA KABATAAN

TEMA NG MGA KABATAAN PARA SA 2020

56, 60, 64

MGA MAGULANG

GAMITIN ANG TSART NA ITO SA PAGBABASA NG AKLAT NI MORMON NGAYONG TAON!

K12

4 021671 68935 TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Enero 2020

Kaibigan

Ang bahagi para sa mga bata ng *Liahona*, inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw



Basahin ang
Aklat ni Mormon!
Tingnan sa pahina K12

Ni Pangulong Russell M. Nelson

Ang Napakahalagang Aklat ni Mormon

ILUSTRASYON NI STEVE JAMES

Gaano kahalaga sa inyo ang Aklat ni Mormon? Kung aalukin kayo ng mga diyamante o mga rubi o ng Aklat ni Mormon, alin ang pipiliin ninyo? Ang Aklat ni Mormon ay tunay na salita ng Diyos. Nagtuturo ito tungkol kay Jesucristo.

Inaanyayahan ko kayong basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Ipagdasal at pag-isipan ang natututuhan ninyo.

Habang nagbabasa at nagdarasal kayo, ipinapangako ko:

- **Madarama ninyong mas napapalapit kayo sa Tagapagligtas.**
- **Makakagawa kayo ng mas mabubuting pagpili—araw-araw.**
- **Tutulungan at bibigyang-inspirasyon kayo ng Ama sa Langit.**
- **Mapaglalabanan ninyo ang mga tukso.**
- **Papanatagin, papalakasin, at papasayahin kayo ng Aklat ni Mormon.**
- **Magsisimulang magkaroon ng mga pagbabago at himala!**

Hango sa "Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel," Liahona, *Nob. 2018, 68–70; at "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?"* Liahona, *Nob. 2017, 60–63.*

Paano Naging Napakahalaga ng Aklat ni Mormon sa Inyo?

Ngayong taon nagtitipon kami ng mga kuwento, larawan, at drowing tungkol sa napakahalagang Aklat ni Mormon. Ipapakita namin ang mga ito at ilalathala ang ilan sa mga ito sa magasin!

Ari K., edad 9, Nuevo León, Mexico

Nang matuto akong magbasa, binigyan ako ng nanay ko ng Aklat ni Mormon at sinabi niya na basahin ko ito bilang paghahanda para sa aking binyag. Mula noon, binabasa ko ito araw-araw. Ang paborito kong kuwento ay noong nakita ni Lehi ang Liahona.

Keyla S., edad 7, Mexico City, Mexico

"Punungkahoy ng Buhay," ni Russell K., edad 8, North Carolina, USA



Binigyan ko ng Aklat ni Mormon ang isa sa mga kaklase ko sa paaralan.

Felipe M., edad 9, São Paulo, Brazil

IPADALA SA AMIN ANG INYONG LIKHANG-SINING O KARANASAN!

1. Magdrowing, kumuha ng larawan, o magsulat tungkol sa Aklat ni Mormon.
2. Ipadala ito sa amin! Tingnan ang paba-lat sa likod para malaman kung paano.
3. Abangan ang *Kaibigan* buwan-buwan para makita kung paano sinusunod ng mga bata ang paanyaya ni Pangulong Nelson na basahin ang Aklat ni Mormon.

Si Batbayar at ang Aklat

Ni Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

Mahangin noong araw na iyon sa Mongolia. Ang siyam na taong gulang na si Batbayar ay naglalakad pauwi mula sa hintuan ng bus pagkagaling sa paaralan. Hinigpitan niya ang hawak sa kanyang diyaket dahil mahangin. Mabuti na lang at hindi malayo ang bahay ng kanyang lolo't lola, kung saan siya nakatira.

"Nandito na po ako!" sabi ni Batbayar pagpasok niya sa bahay.

"Maligayang pagdating," sabi ng lola niya. "Gumawa ako ng ilang *khuushuur* para sa miryenda."

"Salamat po!" Kumuha si Batbayar ng isa sa maiinit at maaanghang na empanadang may karne.

"Teka! Huwag ka munang kumain hangga't wala pa rito ang mga misyonero," sabi ng lolo niya. "Sandali na lang at darating na sila."

Gustung-gusto ni Batbayar kapag bumibisita ang mga misyonero mula sa simbahan ng lolo't lola niya. Palagi siyang maraming natututuhan mula sa kanila. Pero may isang problema.

"Pababasahin po ba nila ako ulit mula sa Aklat ni Mormon?" tanong ni Batbayar. "Nahihirapan po akong magbasa."

"Kaya nga magdadala sila ng ibang aklat ngayon," sabi ng lola niya.

"Ano pong aklat?" sabi ni Batbayar.

"Makikita mo," sabi ng lolo niya.

Maya-maya lang, dumating na ang mga misyonero. Pinagsaluhan nila ang masasarap na empanadang may karne na ginawa ng lola niya. Pagkatapos ay sabi ni Batbayar, "Sabi po ni Lola may dala kayong aklat para sa akin"

"Sa palagay ko, magugustuhan mo ang aklat na ito," sabi ni Sister Heitz. "Marami itong larawan."

Tiningnan ni Batbayar ang pabalat. *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon*, nakasaad dito. Ang larawan sa pabalat ay nagpapakita ng mga taong gumagawa ng isang sasakyang-dagat.

"Naaalala ko po ang kuwentong iyan," sabi Batbayar. "Hindi alam ng lalaki kung paano gumawa ng sasakyang-dagat. Kaya nagdasal siya. At tinulungan siya ng Diyos."

"Tama," sabi ni Sister Enkhtuya. "Sisikapin mo bang basahin ang aklat na ito? Pagkatapos ay maaari kang magdasal para malaman kung totoo ang itinuturo nito."

"Sige po," pangako ni Batbayar.

Noong gabing iyon, binasa niya ang aklat na may mga larawan. Binasa niya ang kuwento tungkol sa sasakyang-dagat. Pagkatapos ay nagdasal siya. Nakatulog siya habang iniisip ang tungkol sa taong gumawa ng sasakyang-dagat at

na may mga Larawan



kung paano tinulungan ng Diyos ang taong iyon.

Mula noon, gabi-gabing nagbabasa si Batbayar ng isang kuwento. Pagkatapos ay nagdarasal siya. At bawat gabi, nakakatulog siya habang iniisip ang tungkol sa nabasa niya.

Pagbalik ng mga misyonerong babae, tinuruan nila si Batbayar ng iba pa tungkol kay Jesucristo. Natuto si Batbayar tungkol sa mga propeta. Natuto siya tungkol sa mga kautusan ng Diyos. Patuloy siyang nagsimba kasama ang lolo't lola niya. At patuloy siyang nagbasa at nagdasal.

Isang araw, mayroong mahalagang bagay na sinabi si Batbayar sa kanyang lolo't lola. "Nang basahin ko po ang mga kuwento sa aklat na may mga larawan, maganda po ang naramdaman ko," sabi niya. "Kapag nagdarasal po ako, nararamdaman kong totoo ang mga ito. Sa palagay ko po, dapat na akong magpabinyag."

Ngayon, si Batbayar ay miyembro na ng Simbahan. Mas lalo siyang humusay sa pagbabasa. At binabasa pa rin niya ang Aklat ni Mormon gabi-gabi! ●

Paano tinulungan ng mga misyonero si Batbayar? Sino ang tumutulong sa iyo?

MGA PAGLALARAWAN NI KEVIN KEELE

Kumusta mula sa Mongolia!

Kami sina Margo at Paolo.

Naglalakbay kami sa iba't ibang panig ng mundo upang matuto tungkol sa mga anak ng Diyos. Samahan kami sa pagbisita namin sa Mongolia!

Mayroong humigit-kumulang 3 milyong tao sa Mongolia, at mga 12,000 miyembro ng Simbahan. Ano ang napapansin mo sa larawang ito na katulad sa iyong pamilya? Ano ang pagkakaiba?

Ang **Mongolia** ay nasa Asya, sa pagitan ng Tsina at Russia.

Mas marami ang mga kabayo sa Mongolia kaysa sa mga tao! Ang mga pista ng mga taga-Mongolia ay may karera sa kabayo, pamamana, pakikipagbuno, sayawan, at masasarap na pagkain.

Ito ang *Mopmohpi Hom,* ang Aklat ni Mormon.

Maraming pamilya sa Mongolia ang nakatira sa kabisera, ang Ulaanbaatar.

Ang iba pang mga pamilya ay nakatira sa kanayunan. Nakatira sila sa mga tolda na tinatawag na *gers* at nag-aalaga sila ng mga hayop tulad ng mga yak, kabayo, at kamelyo.

Ang mga yak ay parang baka, kaya lang mas mabalahibo ang mga ito!

Kilalanin ang ilan sa ating mga kaibigan mula sa Mongolia!

Alam ko na si Jesucristo ay Anak ng Diyos at mahal Niya ako at ang lahat ng bata sa lahat ng lugar. Gustung-gusto kong magpunta sa simbahan at Primary, dahil kapag naroon ako natututo ako tungkol kay Jesus.

Bilegt, edad 7

Alam ko na mayroon tayong buhay na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson. Nagtuturo siya ng mga bagay na totoo.

Gerelchimeg, edad 4

Taga-Mongolia ka ba? Sulatan kami! Masaya kaming makarinig mula sa iyo!

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

Ni Sister Joy D. Jones
Primary General President

Mas Mabuti sa Bawat Araw

Noong bata pa ako, tumutugtog ako ng biyolin. Gusto kong maganda ang pagtugtog ko. Gusto kong tumugtog para sa aking mga magulang at sabihin nila na "O, Joy, ang ganda!" Pero hindi naging maganda ang pagtugtog ko. Sintunado ito!

Kung minsan kapag hindi ako nakakapag-ensayo, sinasabi ng guro ko, "Joy, nag-ensayo ka ba ngayong linggo?" Dahil doon, nahihikayat akong mag-ensayo para maging mas maganda ang pagtugtog ko sa susunod na linggo.

Ngayong iniisip ko ito, ang pagtugtog ng biyolin ay isang magandang karanasan dahil mahirap ito. Kahit kung minsan ay ayaw kong mag-ensayo, marami akong natutuhan sa pagtatakda ng mithiin na mag-ensayo nang kaunti araw-araw.

Iyon ang inaasahan kong gagawin ninyo. Sikaping gumawa nang mas mabuti sa bawat araw. Hindi inaasahan ng Ama sa Langit na magagawa ninyo kaagad ang lahat ng bagay. Ang buhay ay tungkol sa pagkatuto at pag-unlad nang paunti-unti. Nais Niyang patuloy kayong magsikap. At nais Niyang matamasa ninyo ang pag-unlad!

Kung minsan, masyado tayong malupit sa ating sarili. Iniisip natin, "Nabigo ako. Hindi ko ito kayang gawin, " at pagkatapos ay sumusuko na tayo. Ngunit sinasabi ng Tagapagligtas, "Huwag kang sumuko. Narito Ako para tulungan ka!" Dahil kay Jesucristo, hindi natin ito kailangang gawin nang mag-isa. Makakabangon tayo sa ating mga kabiguan at susubok muli sa pamamagitan ng Kanyang tulong. Iyon ang layunin ng buhay na ito.

Kung may isang bagay na hangad kong malaman ng inyong puso, iyon ay ang mahal kayo ng Ama sa Langit. Maaaring nakakaranas kayo ng mahihirap na bagay, ngunit inihanda kayo na dumating sa mundo sa panahong ito. Patuloy lamang na magsikap at magbahagi ng inyong liwanag. Pagpapalain at gagabayan kayo ng Ama sa Langit habang tinatahak ninyo ang landas ng tipan. ●



Ang Simbahan ay may bagong *Gabay na Aklat ng mga Bata* para sa mga batang edad pito pataas. Matutulungan kayo nito na matuto at umunlad!

MGA PAGLALARAWAN NI JENNIFER BRICKING

Paglaking Katulad ni Jesus

Maaari mong gamitin ang bagong *Personal na Pag-unlad: Gabay na Aklat ng mga Bata* para matulungan kang lumaki sa mga paraang lumaki si Jesus noong Siya ay kaedad mo. Masayang paraan din ito para sumubok ng mga bagong bagay!

Espirituwal

Si Jesus ay lumaki sa pagbibigay-lugod sa Diyos.

Pakikisalamuha

Si Jesus ay lumaki sa pagbibigay-lugod sa mga tao.

Pisikal

Si Jesus ay lumaki sa pangangatawan.

Intelektuwal

Si Jesus ay lumaki sa karunungan.

MGA PAGLALARAWAN NI BRAD CLARK

"[Lumaki] si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52).

Ang Paghingi ng Tawad

**Minchan K., edad 11,
Gyeonggi-do, South Korea**

Isang araw sa paaralan, tinutukso ng ilan sa mga kaklase ko ang isa pang estudyante sa pamamagitan ng pagtawag sa kanya ng iba't ibang pangalan. Mukhang masaya iyon, kaya sumali ako sa kanila. Sa loob ng ilang linggo, tinutukso ko siya kasama ang mga kaibigan ko.

Pagkalipas ng ilang linggo, sinabi sa akin ng estudyante kung ano ang nararamdaman niya. Nasaktan siya dahil sa mga sinabi namin kahit nagkukunwaring wala siyang pakialam sa pagtukso namin sa kanya. Sinabi niya na umiiyak siya gabi-gabi. Halos maiyak ako nang sabihin niya ito sa akin. Gusto ko siyang tulungan kaya nagpasiya akong humingi ng tawad para sa mga nasabi ko sa kanya.

Kaya kinabukasan, lumapit ako sa kanya at inakbayan ko siya. Sabi ko, "Pasensya na talaga sa pagtukso ko sa iyo." Tumango siya, at napuno ng luha ang kanyang mga mata. Pero tinutukso pa rin siya ng ibang mga bata. Pagkatapos ay naalala ko ang natutuhan ko sa klase namin sa Primary: piliin ang tama.

Matapang kong sinabi sa mga kaklase ko, "Tumigil na kayo sa panunukso sa kanya! Alam ba ninyo kung gaano ito kasakit para sa kanya? Sana humingi kayo ng tawad para sa ginawa ninyo sa kanya at maging kaibigan ninyo siya."

Pero hindi sila kaagad nagbago. Sa halip, nagalit sila sa akin at sabi nila, "Ano bang biglang nangyari sa iyo? Tinukso mo rin siya!"

Malungkot pa rin ako dahil sa nagawa ko sa kanya noon. Kaya sabi ko, "Humingi na ako ng tawad sa kanya. Gusto kong maunawaan ninyo ang nadarama niya at tumigil na rin kayo sa panunukso sa kanya."

Humingi ng tawad ang isa sa kanila, at kaming tatlo ay naging magkakaibigan. Tinutukso pa rin siya ng ilang tao, pero mas masaya na siya dahil kasama niya kami. Pipiliin ko ang tama sa pamamagitan ng pagtulong sa isang kaibigan na nangangailangan. ●

HAMON NA MAGING MABAIT

Kung may makita kang bata na bago sa paaralan o Primary, ngumiti at batiin siya.

8 Ideya para sa Pagbabasa ng Aklat ni Mormon

1. Maghanap ng makakasama sa pagbabasa at magbasa nang magkasama.
2. Markahan ang mga talata tungkol kay Jesucristo.
3. Idrowing ang mga paboritong pangyayari. (At magpadala sa amin ng larawan nito! Tingnan sa pahina K3.)
4. Magbasa mula sa isinalarawang aklat ng *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon.*
5. Gamitin ang kukulayang tsart sa pahina K12.
6. Pakinggan ang mga banal na kasulatan sa Gospel Library app.
7. Isadula ang mga paboritong kuwento.
8. Panoorin ang mga video ng Aklat ni Mormon online.



PAGLALARAWAN NI STEVE JAMES

Kaya Kong Basahin

Ngayong taon, maaari mong sabayan ang mga aralin sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* sa pamamagitan ng pag-babasa ng mga talata sa banal na kasulatan para sa bawat linggo sa pahina K14. Pagkatapos, kula-yan ang mga katugmang puwang sa mga pahinang ito. Lalakas ang iyong patotoo tungkol kay Jesucristo kapag binasa mo ang Aklat ni Mormon!



ang Aklat ni Mormon

Tsart sa Pagbabasa ng Aklat ni Mormon

Ang mga talatang ito sa banal na kasulatan ay tugma sa mga aralin sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa bawat linggo sa 2020.

1. Pambungad sa Aklat ni Mormon, mga talata 1, 8–9
2. 1 Nephi 3:7; 4:1, 4–8, 17, 38
3. 1 Nephi 8:10–12, 19–22
4. 1 Nephi 11:1–6, 24–27
5. 1 Nephi 16:18–20, 23–24, 28–31
6. 2 Nephi 2:25–28
7. 2 Nephi 9:49–52
8. 2 Nephi 25:23, 26, 29
9. 2 Nephi 27:23–26
10. 2 Nephi 31:4–12, 20
11. Jacob 4:6–8, 12–13
12. Jacob 5:71–75
13. Enos 1:3–12
14. 2 Nephi 9:6–8, 11
15. Alma 7:11–13
16. Mosias 2:5–7, 17–19
17. Mosias 4:9–12
18. Mosias 8:16–18
19. Mosias 13:1–5
20. Mosias 18:1, 8–16
21. Mosias 27:23–26
22. Alma 2:27–31
23. Alma 5:14–16
24. Alma 8:14–22
25. Alma 14:26–28
26. Alma 19:16–17, 28–30
27. Alma 26:12–16
28. Alma 31:31–38
29. Alma 32:26–31
30. Alma 37:6–7, 33–37
31. Alma 40: 9, 23–25
32. Alma 46:12–15
33. Alma 56:44–48, 56
34. Helaman 5:12–14
35. Helaman 10:2–7
36. Helaman 13:2–3; 14:2–8
37. 3 Nephi 1:8–15
38. 3 Nephi 11:8–17
39. 3 Nephi 12:13–16
40. 3 Nephi 17:6–10, 20–24
41. 3 Nephi 19:25–28
42. 3 Nephi 20:3–9
43. 3 Nephi 27:3–10
44. Mormon 1:2–5
45. Mormon 9:21–25
46. Eter 3:4–14
47. Eter 6:3–9, 12
48. Eter 12:27–29
49. Moroni 4:1–3; 5:1–2
50. Moroni 7:45–48
51. Moroni 10:3–6, 32
52. 1 Nephi 11:16–23

Si Cristo'y Ikinuk'wento

Maningning ♩ = 72

Mga titik at himig ni Nathan Howe



© 2020 ni Nathan Howe. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Mga Larawan tungkol sa Aklat ni Mormon na Maaaring Gupitin

Gupitin ang mga larawang ito para maisadula ang mga kuwento ng pamilya nina Lehi at Saria. Maaari kang magdrowing at magdagdag ng iba pang mga bagay at mga tao—tulad ng mga kapatid na babae at mga nakababatang kapatid na lalaki ni Nephi!

Nakuha ni Nephi ang mga laminang tanso: 1 Nephi 4

Natanggap ni Lehi ang Liahona: 1 Nephi 16:9–11, 16

Nabali ni Nephi ang kanyang busog: 1 Nephi 16:17–24, 30–31

Gumawa si Nephi ng isang sasakyang-dagat: 1 Nephi 17:7–11, 16–18, 52–55

Nephi

Saria

Lehi

Sam

Laman

Lemuel

MGA PAGLALARAWAN NI SIMINI BLOCKER

Gustung-gusto ko ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa simbahan. Pero paano ako mag-aaral sa bahay kung hindi nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang aking pamilya?

—*Naghahanap sa Salzburg*

Mahal na Naghahanap,

Kahit hindi nag-aaral ng mga banal na kasulatan ang iyong pamilya, tandaan na magagawa mo ito! Gawin ang lahat ng iyong makakaya para makapagbasa bagama't nag-iisa ka, kahit paunti-unti bawat araw. Maaari kang magsimula gamit ang tsart sa pagbabasa sa mga pahina K12–K14. Basahin ang ilan pang ideya sa pahina K11!

May kasama ka man sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan o wala, mapapasaiyo ang Espiritu Santo.

Hindi ka nag-iisa!

Ang *Kaibigan*

P.S. Narito ang isang scripture bookmark para sa iyo! Gupitin ito at pagdikitin.

"May **MAKAPANG-YARIHANG** nangyayari kapag hangad ng isang anak ng Diyos na malaman pa ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak. Walang ibang lugar na itinuro ito nang mas malinaw at makapangyarihan kaysa sa **AKLAT NI MORMON.**"

Pangulong Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" Pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017.



ANG MGA PABORITO KONG BANAL NA KASULATAN

PAGLALARAWAN NI C. B. CANGA

Ang Pinakamasayang Yakap sa Lahat!

Ni Lori Foote
(Batay sa tunay na buhay)

Mahilig si Ellie sa yakap. Mga yakap mula sa kanyang ama. Mga yakap mula sa kanyang lolo't lola. Mga yakap mula sa kanyang ina. Ang mga yakap ay nagbibigay sa kanya ng sigla. At seguridad. At saya.

Kaya niyakap ni Ellie ang kanyang ina sa simbahan. Gustung-gusto niyang kumalong sa kanyang ina. Palagi siyang niyayakap ng kanyang ina.

At natapos ang sacrament meeting. Oras na para sa Primary. Gustung-gusto ni Ellie ang Primary. Malaki na siya

ngayon. Tatlong taong gulang na! May sarili na siyang mga banal na kasulatan!

Pero ngayon, ayaw nang bumitaw ni Ellie sa yakap ng kanyang ina.

Kinarga si Ellie ng kanyang ina papunta sa pasilyo. Sa silid ng Primary, pinaupo si Ellie ng kanyang ina.

"Pwede po ba akong sumama sa inyo?" sabi ni Ellie.

"Hindi pwede," sagot ng kanyang ina. Mahinahon ang tinig nito. "Kailangan mong dumalo sa iyong klase," sabi nito. "At kailangan kong dumalo sa aking klase."

Hinagkan si Ellie ng kanyang ina sa pisngi. Pagkatapos ay lumabas na ito.

Nadama ni Ellie ang pagdaloy ng mga luha sa kanyang mga pisngi.

Naisip niya ang pagyakap sa kanya ng kanyang ina. Lagi siyang kalong ng kanyang ina kapag nagbabasa sila ng Aklat ni Mormon. Kadalasan, nagbabasa sila kasama ang kanilang pamilya. Pero kung minsan, si Ellie at ang kanyang ina lang ang nagbabasa.

Kinuha ni Ellie ang kanyang Aklat ni Mormon. May larawan ni Jesus sa loob nito.

Isinara ni Ellie ang aklat at niyakap niya ito. Pakiramdam niya ay tila yakap niya si Jesus. Nakadama siya ng sigla. At seguridad. At saya. Iyon ang pinakamasayang yakap sa lahat! ●

Ang awtor ay nakatira sa Utah, USA

Ano ang nakatulong kay Ellie na sumaya noong nalungkot siya?

MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK

Nakuha ni Nephi ang mga Laminang Tanso

Naglakbay ang pamilya nina Lehi at Saria patungo sa lupang pangako. Iniutos ng Diyos kay Lehi na pabalikin ang kanyang mga anak sa Jerusalem upang kunin ang mga banal na kasulatan. Nakasulat ang mga ito sa mga laminang metal.

Sabi nina Laman at Lemuel napakahirap nito. Ngunit sabi ni Nephi hahayo siya at gagawin ang ipinag-utos ng Diyos. Tinularan ni Sam ang halimbawa ni Nephi.

Sinabi ng Espiritu kay Nephi kung paano makukuha ang mga laminang tanso mula sa masamang tao na nagngangalang Laban.

Dinala ni Nephi at ng kanyang mga kapatid ang mga laminang tanso pabalik sa kanilang pamilya. Napakasaya nina Lehi at Saria! Pinag-aralan nila ang mga banal na kasulatan sa mga lamina. Natuto sila tungkol sa mga kautusan ng Diyos.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Matutulungan ko ang aking pamilya na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Maaari akong maging matapang katulad ni Nephi at “hahayo ako at gagawin” ang ipinag-uutos ng Diyos! ●

Basahin ang kuwentong ito sa 1 Nephi 3–5.

Pinag-aralan ng Pamilya ni Lehi ang mga Banal na Kasulatan

Ano ang paborito mong kuwento sa banal na kasulatan?

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Mahal Naming mga Magulang,

Masaya kaming simulan ang bagong taon kasama kayo! Sama-sama tayong matututo tungkol sa Aklat ni Mormon. Anong mga kuwento sa Aklat ni Mormon ang gusto ng inyong pamilya? Mangyaring tulungan ninyo ang inyong mga anak na magdrowing ng isang larawan at ipadala ito sa amin (tingnan sa pahina K3). Ipapakita namin ang ilan sa mga drowing na ito sa magasin ngayong taon! Narito ang iba pang mga pahina tungkol sa Aklat ni Mormon mula sa isyung ito:

- Mensahe mula sa propeta (pahina K2)
- Tsart sa pagbabasa (mga pahina K12–K14)
- Aktibidad para sa kuwento sa banal na kasulatan (pahina K16)
- Kuwento tungkol sa pamilya nina Lehi at Saria (mga pahina K20–K23)
- Kuwento tungkol sa isang batang lalaki na nakahanap ng bagong paraan para basahin ang Aklat ni Mormon (mga pahina K4–F5)

Maligayang Bagong Taon!
Ang *Kaibigan*

PAANO IPAPADALA ANG LIKHANG-SINING O KARANASAN NG INYONG ANAK SA LIAHONA

Pumunta sa liahona.ChurchofJesusChrist.org at pindutin ang "Submit an Article or Feedback." O i-email ito sa amin sa liahona@ChurchofJesusChrist.org kalakip ang pangalan, edad, at lungsod na tinitirhan ng inyong anak, at ang pahayag na ito ng pagpapahintulot: "Ako, si [ilagay ang iyong pangalan], ay nagbibigay ng pahintulot sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na gamitin ang isinumite ng aking anak sa mga magasin ng Simbahan, sa mga website at social media platform ng Simbahan, at maging sa mga ulat, produktong inilimbag, video, lathalain, at materyal sa pagsasanay ng Simbahan." Nasasabik kaming makarinig mula sa inyo!

Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!

MGA NILALAMAN

K2 Mula sa Unang Panguluhan: Ang Napakahalagang Aklat ni Mormon
K4 Si Batbayar at ang Aklat na may mga Larawan
K6 Kumusta mula sa Mongolia!
K8 Mas Mabuti sa Bawat Araw
K9 Paglaking Katulad ni Jesus . . .
K10 Mahalaga ang Kabaitan: Ang Paghingi ng Tawad
K11 8 Ideya para sa Pagbabasa ng Aklat ni Mormon
K12 Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon
K15 Musika: Si Cristo'y Ikinuk'wento
K16 Masasayang Bagay: Mga Larawan tungkol sa Aklat ni Mormon na Maaaring Gupitin
K17 Ano ang Iniisip Mo?
K18 Ang Pinakamasayang Yakap sa Lahat!
K20 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Nakuha ni Nephi ang mga Laminang Tanso
K23 Pahinang Kukulayan: Pinag-aralan ng Pamilya ni Lehi ang mga Banal na Kasulatan

SA PABALAT NG *KAIBIGAN*
Paglalarawan ni Andrew Bosley

© 2020 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

4 021671 68935
TAGALOG